# Mga Naipahayag Na Anak

Jeffersonville, Indiana, USA

Mayo 18, 1960

1 . . . na nakayuko kami ngayong gabi bilang isang iglesia, bilang isang lupong tinawag palabas, mga sumasampalatayang tao na naririto ngayong gabi upang magturo ng Iyong Salita, na nagpupuwesto sa amin sa aming tamang posisyon sa Katawan, kung saan kami nabibilang, at kung saan ay sama-sama kaming nakagagawa bilang mga bahagi ng Katawan ni Cristo. 2 At ngayon ay naiatang sa aming dumulog na madali sa Diyos. At bawat isa sa aming mga ama ay nag-iisip na ano kaya kung iyon ay anak naming babae, mag-aalab at mananakit ang aming puso sa aming kalooban, at mananawagan kami sa mga iglesia na manalangin na kaagad. At ang puso ng isang ama ay nag-aalab, kumikirot. Panginoon, nawa'y magtungo ngayon sa puso ng amang iyon ang dakilang Persona ng Espiritu Santo. Alisin Mo po ang bawat anino ng pagdududa, at bawat kirot, at ipaalam sa kaniya na Ikaw ay Diyos at walang karamdamang makatatayo sa Iyong Presensya kapag ang Makalangit na utos ay tinupad ng Iyong iglesia at ng Iyong bayan.

2 At tulad ng nagdaang isang linggo, nananalangin kami, mula pa nung nakaraang Linggo ay inisip ko na ang tungkol sa pamamaraang ito o ang mga pamamaraang ito ng pananalangin. Wala kaming masyadong sandata sa tingin ng sanlibutan, ngunit ang munting tirador na ito ay nakamamatay kapag hawak ng mga daliri ng pananampalataya. O Panginoon, tumama nawa ang aming mga panalangin sa kamatayang nakabitin sa ibabaw ng batang iyon, at ito nawa ay madurog; mataboy nawa ang kadiliman, at kakulimliman na nasa tabi ng higaan ng batang iyon, o ng sanggol na iyon o ng anak, na isang batang babae. Silayan nawa iyon ng dakilang Liwanag ng Presensiya ng Diyos at lumabas sa ospital na isang magaling na bata. 4 Diyos, alam namin na sa kabilang ibayo ng ilog ay naghihintay ang aming mga mahal sa buhay, at napakaluwalhati nito. Ngunit mahal namin ang mumunti naming mga anak. At dumadalangin kami, Panginoon, na Iyong iligtas ang buhay ng batang iyon para sa Iyong kaluwalhatian. Sinasaway namin, bilang iglesia Mo, ang kamatayang iyon, na nagsasabing, “Tumigil ka riyan. Hindi mo maaaring kunin ang batang iyan, sapagkat inaangkin namin ang buhay nito para sa kapakanan ng Kaharian ng Diyos.” Itulot Mo po Panginoon, na ang mga bagay na ito ay tuwirang tumama sa aming pinupuntirya habang tinutudla namin ang mga ito, sa Ngalan ni Jesus Cristo, na aming Tagapagligtas, Amen.

3 Sumasampalataya ba tayo? Hindi ko alam kung ano'ng maaari kong gawin kung hindi ako isang Cristiano. Sadyang hindi ko nanaising manatili pa

rito. Walang nang ibang dahilan para mabuhay, ang pinakamainam na alam ko ay ang makapagligtas na lang ng iba. 6 Ngayon, sa gabing ito nais nating magsimula ng kaunting pagbabaliktanaw sa nakaraang pag-aaral natin. At susubukan kong basahin ang buong kabanata, kung magagawa ko ngayong gabi. Kaya sa Linggo ng umaga kakailanganin ko marahil na pagsiksikin ang Linggo ng umaga at gabi, kung mamarapatin n'yo, upang makarating tayo sa tagpong ito na nais kong makita ng iglesia. O, maluwalhating makita mo ang iyong posisyon. At walang makagagawa ng anuman libang nalalaman mo nang wasto kung ano'ng ginagawa mo.

4 Ano kaya kung ikaw ay ooperahan, at may isang batang duktor na katatapos lang mag-aral na mag—hindi pa siya nakapag-opera dati. Gayunman, bata siya at guwapo, at makintab ang pagkakasuklay ng buhok, at napakaganda ng bihis, magara, at lahat na. At aniya, “Nahasa ko na ang mga kutsilyo, at napakuluan ko na ang mga gamit at iba pa.” Ngunit mag-aalangan ka ro'n. Mas gugustuhin kong magkaroon ng matandang duktor na maraming beses nang nag-opera dati, bago ako pumayag na hiwain. Nais kong malaman na di niya lang katatapos mag-aral; ang gusto ko ay yaong may karanasan na. 8 At ang pinakabihasang kilala kong matatawagan ngayong gabi, ay ang Espiritu Santo. Siya ang dakilang Duktor at dakilang Guro.

5 At bilang pagbibigay-background sa aking mensahe ngayong gabi, na hango pa rin sa sermon nung nakaraang Linggo, na ito'y… Tinanggihan nila si Samuel na may taglay na Salita ng Diyos at tinanggap si Saul, na anak ni Kish; at tinanggihan nila si Samuel, na kumakatawan sa Espiritu Santo, sapagkat nangusap lamang siya ayon sa pangunguna ng Espiritu Santo. At nang sabihan niya sila tugkol dito, aniya, “Alalahanin n'yo, walang akong sinabi sa inyo sa Pangalan ng Panginoon na hindi tinupad ng Panginoon. Hindi rin ako nagugali ng masama sa inyong harapan. At walang sinumang makapag-aakusa sa akin ng kasalanan.” Tulad ng sinabi ni Jesus, “Sinong makahahatol sa Akin ng kasalanan?” Kita n'yo? 10 At sinabi niya rin, “Hindi ako lumapit sa inyo upang mamalimos ng pera at iba pa. Wala akong kinuhang anuman mula sa inyo. Ngunit lahat ng aking sinabi ay para sa inyong kabutihan, na nagmula sa bibig ng Panginoon.” 11 At ang buong bayan ay nagpatotoo, “Tama iyan. Lahat ng iyan ay totoo, ngunit gusto pa rin naming magkaroon ng isang hari. Nais naming matulad sa iba.”

6 Ngayon, sa gabing ito ang Kasulatan natin ay naghihiwalay . . . Ang Aklat ng Mga Taga Efeso ay ang Aklat ng Josue ng Bagong Tipan. Pinaghahati-hati

nito at isinasaayos ang mga nagtagumpay. Ngayon, isa lamang itong pagbabalik-tanaw sa loob ng ilang sandali upang makarating sa isang dako bago tayo magsimulang magbasa, simula sa ika-3 talata. Ngayon, nakita natin nung nakaraang Linggo ng gabi na ang Diyos sa Lumang Tipan ay nangako sa Israel

ng isang pangako ng lupain ng kapahingahan, sapagkat sila'y naging mga manlalakbay at palaboy. At sila'y nasa isang lupain na hindi sa kanila; at nangako ang Diyos sa pamamagitan ni Abraham na ang kaniyang binhi ay makikipamayan sa loob ng apat na raang taon sa isang bayang banyaga, at sila'y mamaltratuhin; ngunit sa pamamagitan ng isang makapangyarihang kamay ay ilalabas sila patungo sa isang mabuting lupain na dinadaluyan ng gatas at pulot.

7 At ngayon, nang lumapit na ang panahon ng pangako, nagpalitaw ang Diyos ng isang tao upang dalhin sila sa lupaing iyon. Ilan ba sa nasa klase ngayong gabi ang nakaaalam kung sino iyon—nakakikilala kung sino iyon? Si Moises. Pansinin, tunay na katipong-katipo Niyaong ibinigay upang maghatid sa atin sa Lupang Pangako: si Cristo. Ngayon, mayroon tayong pangako, 'pagkat ang pangako natin ay isang espirituwal na kapahingahan, samantalang ang sa kanila ay pisikal na kapahingahan. At kaya nga sila ay papunta noon sa isang lupain na maaari nilang sabihin, "Ito ay lupain namin; hindi na kami mga palaboy; natahimik na kami; lupain namin ito, at dito ay mayroon kaming kapahingahan. Magtatanim kami ng aming mais, ng aming ubasan, at kami ay kakain mula sa aming sariling bukirin. At pagpanaw namin, iiwan namin ito sa aming mga anak."

8 O maaari nating talakayin ang tungkol sa loob ng lupain, sa mga batas ng pamana, tulad ng kina Naomi at Ruth, Booz, ipaalala ang lahat ng iyon. Kung papaanong ang isang kapatid sa Israel, kung papaanong lahat ng naiwala niya ay dapat na tubusin ng isang malapit na kamag-anak. O, napakaganda. Aabutin ito ng maraming linggo; hindi tayo makaaalis sa kabanatang ito kung tatalakayin natin ang kabuuan niyon. Maaari nating pagdugtung-dugtungin ang buong Biblia, sa isang kabanatang ito. 15 At, o, sadyang gustung-gusto kong pinag-aaralan Ito. Dati-rati kapag tinatalakay namin Ito, inaabot kami ng isang taon at kalahati, at di kami umaalis sa isang Aklat, doon lamang kami.

9 Ngunit, sadyang napakadakilang bagay ng mana, kung papaanong iyon ay isang mana sa lupain na walang ibang maaaring tumubos kundi isang malapit na kamag-anak. Ngayon, hayaan n'yong maghulog ako dito ng munting simbulo na nabanggit ko sa inyo na mga nanay nung isang gabi. Ilan ba ang nanalangin na para sa inyong mga mahal sa buhay na di pa ligtas? Sige. Hayan na naman (Kita n'yo?), "Inyong mana." Kita n'yo?

Sinabi ni Pablo sa Romano, aniya, "Sumampalataya ka sa Panginoong Jesus Cristo, ikaw at ang iyong sambahayan ay maliligtas." Kung may sapat kang pananampalataya para sa iyong sarili upang maligtas, gaano man kasuwail ang batang lalaki, o batang babaeng iyon, maliligtas pa rin sila. Kung papaano't paano man, kung kailangang pahigain sila ng Diyos sa ospital, nang naghihingalo, sila'y maliligtas. Ipinangako ito ng Diyos. Ang mana… O. "At sila'y maparoroon," wika ni Isaias, "kasama ng kanilang mga supling. Hindi sila magsisipanakit o magsisipanira man sa Aking buong banal na bundok, ang wika ng Panginoon." 18 O, may bahagi akong inaasahang matalakay ngayong gabi, para sa inyo: sadyang nag-aalab ito sa aking puso, mula roon ay magbabalik tayo riyan. Ngunit ngayon, magpatuloy tayo.

10 At napansin n'yo ba si Moises, ang dakilang manggagawa ng himala na naghatid sa Israel sa pagtahak sa buong lupain at nag-ahon sa kanila sa lupang pangako, ngunit hindi niya naipamahagi ang kanilang mana sa kanila? Hindi niya naibigay sa kanila ang kanilang mana; hinatid niya sila hanggang sa lupain, ngunit si Josue ang nagparte ng lupain sa mga tao. Tama ba? At hinatid ni Cristo ang iglesia sa dakong pinaggawaan ng kanilang pag-aari, at kung saan ito ay ibinigay sa kanila, tatawid na lang sila ng Jordan, ngunit ang Espritu Santo ang Siyang nagsasaayos ng iglesia, ang Josue ng araw na ito ang nagsasaayos ng iglesia, nagbabahagi sa bawat isa ng mga kaloob, mga puwesto, at posisyon. At Siya ang Tinig ng Diyos na nangungusap sa pagkataong loob na iniligtas ni Cristo: ang Espiritu Santo. Ngayon, ganiyan ba karami ang nakukuha n'yo? Magtutungo na tayo sa Aklat ng Mga Taga Efeso. Ngayon, ganun din, ipinupuwesto Niya ang iglesia sa tama nitong lugar. Ngayon, ipunuwesto sila ni Josue sa isang natural na lupain. Ngayon naman, ipinupuwesto ng Espiritu Santo ang iglesia sa tama nitong posisyon, sa lupain na kanilang—sa kinabibilangan nilang lugar, sa kanilang mana.

11 Ngayon, ang ibinungad niya rito; inihayag ni Pablo ang pinatutungkulan ng kaniyang sulat. At makikita natin maya-maya na lahat ng hiwagang ito ay inihayag sa kaniya, hindi sa isang seminaryo, hindi sa pamamagitan ng sinumang teologo, kundi ito ay isang Makalangit na Kapahayagan ng Espritu Santo na ibinigay ng Diyos kay Pablo. Alam niya na ang hiwaga ng Diyos, aniya, na natago mula pa nang itatag ang sanlibutan ay hinayag sa kaniya ng Espiritu Santo. At ang Espiritu Santong nasa kalagitnaan ng mga tao ang nagsasaayos sa bawat isa, ipinupuwesto ang iglesia sa tamang posisyon nito.

12 Ngayon, ang unang sinabi ni Pablo rito sa mga tao, ay may layong magalis ng lahat ng… Tandaan na ito ay patungkol sa iglesia, hindi sa nasa labas.

Isa itong hiwaga at palaisipan sa kaniya, hindi niya ito kayang maintindihan, di ito abot ng kaniyang isipan; wala siyang kamalay-malay tungkol dito. Ngunit ito'y parang pulot sa bato para sa iglesia; isa itong kagalakang di masaysay; ito ang banal na katiyakan, ito ang angkla ng kaluluwa; ito ang ating pag-asa at suhay; ito ang Bato ng mga Kapanahunan; o, ito'y kumakatawan sa bawat bagay na mabuti. Sapagkat ang langit at lupa ay lilipas, ngunit ang Salita ng Diyos ay di lilipas magpakailan man.

13 Ngunit ang taong nasa labas ng Canaan ay walang alam tungkol dito; nagtatanong pa rin siya. Hindi ko sinasabing hindi siya mabuting tao, hindi ko sinasabi 'yan. Maging ang taong nasa Egipto ay hindi ko sinasabing di mabuting tao, ngunit siya'y—hanggang sa makarating siya sa kaniyang pagaari, at sa pag-aaring… 23 Ang pangakong ibinigay sa iglesia ay hindi isang natural na lupain, kundi isang espirituwal na lupain; sapagkat tayo ay isang makaharing pagkasaserdote, isang bayang banal. At sa makaharing pagkasaserdoteng ito, sa bayang banal, bayang pekulyar, tinawag palabas, hinirang, pinili, itinalaga, kung gayon patay na ang buong sanlibutan sa labas. At tayo ay pinangungunahan ng Espiritu. Ang mga anak na lalaki't babae ng Diyos ay pinangungunahan ng Espiritu ng Diyos, hindi ng tao, kundi ng Espiritu.

14 Ang kabuuan nito ay nakabungkos sa pag-ibig. Maraming beses na itong sinubukang ituro, at walang dudang may mga dakilang teologo na tumalakay dito nang mas malalim kaysa sa kaya kong gawin. Ngunit ang nais kong iparating sa inyo ay ito: Na ang taong na kay Cristo na may Espiritu Santo, ay makapagtitiis sa isang taong nagkakamali, mapagpahinuhod, maamo, matiisin. Siya'y magiliw, mapagpakumbaba, matapat, puspos ng Espiritu, kailan man ay di negatibo, palaging positibo. Kakaiba siyang tao. 25 Hindi lang isang taong nagsasabing, "Minsan na namin 'yang dinanas. Pag sumigaw kami, nasa amin na iyon, kaming mga Metodista. O, kapag sumigaw kami, nasa lupain na kami." Mabuti 'yan, ayos 'yan, naniniwala rin ako riyan. 26 Pagkatapos ay dumating naman ang mga Pentecostal na nagsasalita ng iba't ibang wika; nasa kanila na raw iyon; lahat ng nagsalita ng iba't ibang wika ay mayroon na no'n. Naniniwala rin ako ro'n. Ngunit ganu'n pa rin, nalaman nating marami pa rin ang wala Niyon. Kita n'yo, kita n'yo?

15 Papunta na tayo ngayon sa dakilang nakakubling hiwagang ito na naitago mula pa nang itatag ang sanlibutan at ngayon ay ipinahahayag sa huling mga araw sa mga anak ng Diyos. Naniniwala ba kayong totoo iyon, na ang mga

anak ng Diyos ay naipapahayag na? Bago pa tayo magtungo kung saan, sumandali nating buklatin ang ika-8 kabanata ng Mga Taga Roma, sa ika-19 na talata ng ika-8 kabanata ng Mga Taga Roma. Sapagkat ang maningas na pagmimithi… buong nilalang ay naghihintay ng pagkahayag ng mga anak ng Diyos.

16 Buong ningas na hinihintay ng buong sannilikha ang pagkakahayag (Kita n'yo?), ang pagkakahayag. Ano ang pagkakahayag? Pagpapakilala. 29 Ang buong mundo. Ang mga Mohammedan, hinihintay nila ito. Sa buong paligid, kahit saan man, hinahanap nila ito. "Nasaan na ang mga taong ito?" Nagkaroon na tayo ng… Nagkaroon na tayo ng humahagibis na hanging malakas; nagkaroon na tayo ng mga kulog at kidlat; nagkaroon na tayo ng langis at dugo; nagkaroon na tayo ng lahat ng klase ng bagay; ngunit hindi natin narinig ang marahang pabulong na Tinig na pumukaw sa pansin ng propeta, na nagbalabal, at lumabas, na nagsasabi, "Narito ako, Panginoon." Kita n'yo?

17 Ngayon, ang buong sannilikha ay humihibik at naghihintay sa pagkakahayag ng mga anak ng Diyos. Ngayon, ipupuwesto muna ni Pablo ang iglesia kung saan nga ba nararapat. Ngayon, para lang makuha ang background, basahin nating muli. Si Pablo, na apostol ni Cristo Jesus sa pamamagitan ng kalooban ng Dios, sa mga banal na nangasa Efeso, at… mga tapat kay Cristo Jesus: 31 Ngayon, upang di makalimutan ng klase, papaano tayo nakapapasok kay Cristo? Umaanib ba tayo sa simbahan upang makapasok kay Cristo? Gumagawa ba tayo ng isang pagpapahayag upang makapasok kay Cristo? Inilulubog ba tayo sa tubig upang makapasok kay Cristo? Papaano tayo makapapasok kay Cristo? I Mga Taga Corinto 12, "Sapagkat sa pamamagitan ng isang Espiritu (Isa, malaking E-s-p-i-r-i-t-u, at ito ang Espiritu Santo.) ay binabautismuhan tayong lahat sa isang ipinangakong lupain."

18 Sa lupang pangakong ito, ang lahat ng bagay ay pag-aari natin. Naiintindihan mo ba, Bro. Collins? Kita n'yo, lahat ng nasa lupang pangako… Nang tawirin ng Israel ang Jordan papasok sa lupang pangako, nilupig nila ang lahat… 33 Ngayon, alalahanin, na sa loob ng lupang pangakong ito, hindi nangangahulugang ligtas na kayo sa karamdaman; hindi nangangahulugang ligtas na kayo sa mga problema. Kundi ang ibig sabihin nito (O, pabaunin n'yo ito nang malalim.); sinasabi nitong ito'y sa'yo na. Magbangon ka't kunin mo. Kita n'yo? Kapag ito'y…

19 At, alalahanin, nalagasan lang ng tao ang Israel nang makapasok ang kasalanan sa kampamento. Sa ganiyan lang tayo mawawalan ng tagumpay, kapag nakapasok ang kasalanan sa kampamento, at namali ang takbo ng pakikibaka. 35 Ibigay mo sa akin ang walang batik na iglesiang ito ngayong gabi, ang lupong ito ng mga tao, na ganap na ganap na nasa pangako ng Diyos kalakip ng Espiritu Santo, lumalakad sa Espiritu, hahamunin ko ang bawat sakit, o anumang karamdaman, o anumang bagay, bawat Joe Lewis na nasa bansang ito, taglay ang lahat ng kaniyang di paniniwala, at ang lahat ng mga di mananampalatayang naririto, na magdala ng anumang sakit o karamdaman sa pintuang ito, sila'y aalis ditong ganap na pinagaling. Opo. Ang Diyos ang nangako; ang kasalanan lamang ng di pananampalataya ang maaaring makahadlang dito. Ngayon, pupunta na tayo sa kung ano ba ang munting kasalanang ito, sa isang saglit. Ngayon. … kay Cristo Jesus: Sumainyo nawa ang biyaya, at kapayapaang mula sa Dios na ating Ama, at… Panginoong Jesucristo. Purihin nawa ang Dios at Ama ng ating Panginoong Jesucristo, na siyang nagpala sa atin ng bawat pagpapalang ukol sa espiritu sa sangkalangitan kay Cristo, ka—kay

Cristo.

20 Kapag tayo ay na kay Cristo, may espirituwal na pagpapala tayo. Sa labas ni Cristo mga sensasyon ang taglay natin. Kay Cristo may mga positibong pagpapala tayo, hindi mga kunwa'y pananampalataya, hindi mga huwad, hindi mga pagkukunwari. Ngunit habang sinisikap mong sabihing ikaw ay nasa lupang pangako, samantalang hindi naman, ihahayag ka ng mga kasalanan mo. At malalaman mo na lang, madidiskubre mong ika'y nagbabalat-kayo at lahat na, na kung tawagin natin sa sanlibutan ay labis ka nang narumihan. Malalaman mong di mo taglay ang sinasabi mo. Ngunit kapag ikaw ay na kay Cristo Jesus, nangako Siya sa iyo ng makalangit na kapayapaan, makalangit na mga pagpapala, makalangit na Espiritu; ang lahat ay sa iyo. Ikaw ay nasa lupang pangako at lubos na nag-aangkin ng bawat bagay. Amen. Napakaganda. O, pag-aralan natin ito. Ayon sa pagkapili niya sa atin… Ngayon, dito natitisod nang husto ang iglesia. Ayon sa pagkapili niya sa atin sa kaniya… (Kanino? Kay Cristo.)

21 Makikita natin ngayon, sa Genesis at sa Apocalipsis, Apocalipsis 17:8, na pinili na Niya tayo kay Cristo bago pa itatag ang sanlibutan. Ngayon, ang salitang… Hayaan n'yong basahin ko ang kasunod… … bago itatag ang sanlibutan, upang tayo'y maging mga banal at mga walang dungis sa harapan niya…

… tayo'y itinalaga niya… 39 Ngayon, gusto kong huminto sa salitang iyan na "itinalaga." Ngayon, ang pagtatalaga ay hindi tulag ng, "Pipiliin ko si Brother Neville, at hindi ko pipiliin si Brother Beeler." Hindi ganu'n iyon. Ang paunang kaalaman ng Diyos ang nakaaalam kung sino ang magiging tama at hindi. Kaya't sa pamamagitan ng paunang kaalaman, alam ng Diyos kung ano'ng gagawin Niya, nagtalaga Siya sa pamamagitan ng Kaniyang paunang kaalaman upang paglakip-lakipin ang lahat ng bagay sa ikabubuti ng mga nagsisiibig sa Diyos, upang sa panahong darating, ay mapagsama-sama Niya ang lahat ng mga bagay sa Isa, walang iba kundi kay Cristo Jesus.

22 Hayaan ninyong maglarawan ako sa inyo nang kaunti dito. Maganda ito. Magbalik tayo sa… Sa paniwala ko'y nangusap ako nang kaunti hinggil dito nung isang gabi, o binanggit ko iyon sa unang kabanata ng Genesis, 1:26, nang tawagin ng Diyos ang pangalan Niya na, "Panginoong Diyos," mula ito sa salitang "El, Elah, Elohim," na ang ibig sabihin ay "ang Isang nakapamumuhay na mag-isa." Wala pang ibang nabubuhay noon kundi Siya. Walang pang hangin; wala pang liwanag; wala pang mga tala; wala pang mundo; wala pang anupaman. Ang Diyos lang, at tanging Siya lamang: El, Elah, Elohim. Ngayon, ginawa Niya iyon.

23 Sa loob Niyon ay may mga katangian, na ang ibig sabihin ay isa Siyang… Sa loob ng dakilang El, Elah, Elohim na ito ay may katangian o isang… Alam n'yo kung ano ang katangian, o hayaan n'yong sabihin ko nang ganito, may isang kalikasan. Para lang maintindihan ng bata. At isa ako sa mga batang iyon na kailangang makaunawa nito sa gayong paraan. Sa loob Niya ay may isang kalikasan upang maging isang Ama. Ngunit Siya'y nabubuhay na mag-isa, hindi pa Siya maituring na Ama ninuman. At ngayon, sa loob Niya ay may iba pang bagay, Siya ay Diyos; at ang isang diyos ay sinasamba; ngunit mag-isa pa lang Siyang nabubuhay noon: El, Elohim, Elah, Elohim, kaya't wala pang sumasamba sa Kaniya. Sa kalooban Niya, isa Siyang Tagapagligtas. At wala pang naliligaw upang iligtas. Kita n'yo? Sa kalooban Niya, isa Siyang Tagapagpagaling (Kita n'yo?), ngunit wala pang maysakit upang pagalingin, o wala pang maaaring magkasakit.

Ngayon, nakikita n'yo ba ang larawan? Kaya ang mga katangian Niya, ang Kaniyang kalikasan ang sanhi ng kung ano ang naririto sa ngayon.

24 May mga taong nagsasabi, "Buweno, bakit hindi na lang ito pinigil ng Diyos nung pasimula? Napakalupit Niya," ika ni Joe Lewis, ang nagkundina kay Joe, o kay Jack Coe. Kita n'yo? Ika niya, "Napakalupit Niya. Walang Diyos. Kung mayroon, Siya'y isang…" O, sadyang binansagan niya Siya ng kung anu-ano. Kita n'yo? Ngunit iyon ay dahil lang marahil sa marami siyang alam sa ulo, ngunit wala naman sa puso. 43 Ngayon, diyan na ito humantong. Kita n'yo? Binabanggit ito ng Salitang ito, at ito ay ikinubli Niya. At ang mga hiwagang ito ay naitago, alalahanin n'yo, ang sabi ng Biblia, "Bago pa itatag ang sanlibutan, hinihintay ang pagkakahayag ng mga anak ng Diyos," upang ilantad sila sa iglesia. Ay, naku. Nakuha n'yo ba?

25 Ngayon, titigil ako sandali sa aking kuwento, o maghahatid ako… Magtutungo ako sa susunod kong kaisipan hanggang sa makuha ko na ito. Ngayon, alalahanin n'yo, sa buong panahon ni Moises, noong mga kapanahunan ng mga propeta, sa lahat ng mga kapanahunang iyon, naghintay sila hanggang sa huling araw na ito upang mailantad ang lahat ng mga bagay na ito, ayon sa Kasulatan (Tama.), upang maihayag sa mga anak ng Diyos. Bakit? Mula sa pagkawalay… At tulad sa pyramid, tulad ng sinabi ko, naitatayo ito nang palapit nang palapit…

26 Lagi kong sinasabi ito at binabanggit na gumawa ang Diyos ng tatlong Biblia. Ang una ay inilagay Niya sa langit, ang zodiac. Nakita n'yo na ba ang zodiac? Ano ang unang larawan sa zodiac? Ang birhen. Ano ang huling larawan sa zodiac? Si Leong leon. Dumating Siya nung una sa pamamagitan ng birhen; darating Siya sa ikalawang pagkakataon bilang ang Leon mula sa angkan ni Juda. Kita n'yo? 46 Ang kasunod ay ginawa Niya sa pyramid, nung panahon ni Enoc, nang gumawa sila ng pyramid. At sinukat

nila ang mga iyon. Hindi ko iyon maintindihan. Ngunit sa mga digmaan, yumuyuko sila at lumuluhod sa loob ng kung gaano katagal, at nagagawa nilang masukat ang pagitan ng mga digmaan. Alam n'yo ba kung saan umaabot ang kanilang pagsukat? Hanggang sa silid ng hari. At sa pagtaas ng pyramid na ito… Hindi natin kayang magtayo gano'n, sa kabila ng lahat ng mayroon tayo ngayon. Hindi tayo makapagtatayo ng gano'n.

27 Itinayo iyon nang paganito hanggang sa isang lugar. At ang batong panakip ay hindi nila nakita. Hindi nila tinakpan ang tuktok ng pyramid. Hindi ko alam kung alam n'yo ito o hindi. Hindi kailan man nalagyan ng

panakip na bato ang pyramid ng Egypt. Bakit? Ang Batong Panakip ay tinanggihan; si Cristo, ang Pangulong Bato (Kita n'yo?), ay tinanggihan. 48 Ngunit habang tumataas tayo mula sa kapanahunan ng Lutheran, patungo sa kapanahunan ng Baptist, kapanahunan ng Methodist, kapanahunan ng Pentecostal, malapit na tayo ngayon sa Batong Panakip (Kita n'yo?), naghihintay at nag-aasam na lumapag na ang Batong Panakip; ang gusali ay kumpleto na. Hindi n'yo ba nabasa sa Kasulatan, "ang bato ay tinanggihan." Anopa't napagtatanto nating ang tinutukoy ay ang templo ni Solomon. "Ngunit ang tinanggihang Bato ay naging Pangulong panulok na Bato." Ngunit sinasabi ko lang ito upang makagawa ng larawan sa inyo. 49 Ngayon, sa Biblia, tayo'y nabubuhay na sa huling mga araw, sa tuktok ng pyramid, sa magkakrus na mga isda ng kapanahunan ng cancer sa zodiac, sa panahon ng pagdating ni Leong leon, sa panakip na Bato, at sa mga araw ng pagkakahayag ng mga anak ng Diyos sa Biblia. Kita n'yo? Nakikita n'yo ba kung saan na tayo naroroon? Nasa huling panahon na tayo.

28 Ilan ba ang nakabasa sa diyaryo nitong linggong ito, kung ano'ng sinabi ni Khrushchev at ng iba pa sa kanila? O, handa na sila; ganu'n din tayo. Amen. Sa Silangan… Ayos lang iyon. O, napakalaking prebilehiyo, napakagandang araw. Kung mapagtatanto lang ng mga Cristiano ang araw na kinabubuhayan natin. Naku. 51 Ano'ng palagay n'yo sa may akda ng Aklat na ito na nakakita nito, at nakakitang ito ay maihahayag sa huling mga araw, naghihintay at humihibik sa paglitaw ng mga anak ng Diyos sa huling mga araw taglay ang kapangyarihan ng Espriitu Santo sa dulo ng kapanahunan, upang ihayag ang mga lihim na bagay mula pa nang itatag ang sanlibutan, upang ito'y mailabas.

29 Ngayon, bumalik tayong muli sa pagkatatag ng sanlibutan at kumuha ng isang kapahayagan upang makita natin kung tama ba tayo o hindi. Sana'y hindi ako maging lapastangan sa pagtawag sa Diyos ng "Papa," ngunit nais kong sabihin ito sa gayong paraan upang maunawaan n'yo. Si Papa, gusto Niyang magkaroon ng mga anak, kaya ano'ng ginawa Niya? Ang sabi Niya, "Magkaroon nawa ng mga Anghel." At naglapitan sila sa Kaniya. O, mainam iyon. Sumamba sila sa Kaniya, nang magkagayo'y naging Diyos Siya, ang katangiang iyon. Alalahanin, Siya ay El (E-l), Elah, Elohim, nabubuhay na mag-isa, walang iba kundi Siya lamang. Ang unang dumating ay ang mga Anghel. At wala nang iba pang magawa ang mga Anghel kundi ang sumamba. Hindi sila maaaring mapahamak, kaya't hindi sila maaaring magkasakit; mga imortal silang nilalang. Kaya't hindi pa Niya maipakita ang kapangyarihan Niya upang magpagaling; hindi pa Niya maipakita ang Kaniyang pagliligtas. Kaya, bago… Ngayon ating…

30 At pagkatapos niyon, ang sabi Niya, "Gagawa tayo ng isang bagay na mahihipo." Kaya't gumawa Siya ng isang mundo. At nang magawa na Niya ang mundo, ginawa Niya ang lahat ng nilalang ng lupa, at pagkatapos ay ginawa Niya ang tao. Lahat ng sumibol sa lupa, magmula sa butete o sa dikya, na isang anyo ng laman na lulutang-lutang sa tubig, nagsimula Siya ro'n, papunta sa palaka, ang pinakamababang uri ng buhay na maaari nating masumpungan, ayon sa kanila, ay ang palaka. Ang pinakamataas ay ang tao. Mula sa palaka ay napunta sa butiki, mula sa butiki ay nagpatuloy na nang nagpatuloy, at sa tuwing iihip, "whew," ang Espritu Santo, may buhay muling dumarating; "whew," mas mataas na uri ng buhay. At kamuka't mukat mo, may lumitaw na nasa larawan ng Diyos; ang tao. Wala sa mga nakaraang panahon, kailan man, hindi na muli pa sa hinaharap makalilikha ng anumang mas mataas sa tao, sapagkat ang tao ay nasa larawan ng Diyos. Kita n'yo? Ang tao…

31 Nang gawin Niya ang Kaniyang unang tao. Ngayon, nang gawin Niya ang Kaniyang mga nilalang na Anghel… Ginawa Niya ang tao, "Nilikha Niya sila na lalaki at babae," sa iisang tao. Kapuwa siya lalaki at babae, ang pagkababae at pagkalalaki. Nang likhain Niya si Adan at ilagay sa laman… Alalahanin n'yo sa Genesis 1, nilikha Niya ang lalaki at babae. At sa Genesis 2, wala pang taong nagbubungkal ng lupa, taong laman, wala pang taong makahahawak anuman upang magbungkal ng lupa, ngunit mayroon nang tao noon na nasa Kaniyang larawan. At ang Diyos ay isang… [Ang Kongregasyon ay nagsabi ng, "Espiritu."—Ed.] tama. Kita n'yo? Nilikha Niya ang unang tao, "nilikha Niya silang lalaki at babae." Ngayon, nang likhain Niya ang unang tao…

32 Ngayon, alalahanin n'yo, nasa isip na Niya ang lahat ng iyon. At tinalakay ko iyan nung nakaraang Linggo ng gabi. Ang isang salita ay isang kaisipang inihayag. Iniisip ng Diyos kung papaano Siyang magiging Diyos, kung papaano Siyang masasamba, kung papaano Siyang magiging isang Tagapagpagaling, kung papaano Siyang magiging isang Tagapagligtas; at pagkabigkas na pagkabigkas Niya ng Salita, tapos na iyon magpakailan man. O, kung mapanghahawakan lang ng mga anak ng Diyos ang Salitang iyon nang ganiyan. Kapag nangusap ang Diyos ng Salita, tapos na ito. Tunay na tunay.

Maaaring naghintay Siya ng… Sinasabi 'yan ng kronolohiya, o, at gayon din ng mga archaeologist at iba pa, sinasabi nilang ang mundo'y maaaring milyun-milyong… Hindi ko alam; marahil ay trilyun-trilyong taon. Hindi ko alam kung gaano katagal iyon. Ang Diyos ay hindi nabubuhay sa panahon. Hindi Siya nabawasan ng isa mang sandali mula nang ipangusap Niya iyon. Diyos pa rin Siya; walang panahon sa Kaniya.

Nung nakaraang gabi ko lang iyan nalaman nang ganiyan, o nung nakaraaang umaga pala. Eternal, walang kahapon, walang bukas, ang lahat ay ngayon. Napansin n'yo ba ang salitang "AKO NGA"? Hindi "Ako dati" o "Ako sa hinaharap." Eternal ito, "AKO NGA!" Kita n'yo, "AKO NGA," palagi.

33 Ngayon, ngunit ninasa Niyang ilagay ang mga bagay-bagay sa panahon. Kinailangan Niyang gumawa ng isang bagay upang sumamba sa Kaniya, kaya't inilabas ito ng Kaniyang mga katangian. At nilikha Niya ang tao. At ang taong ito ay tila nalungkot. Kaya, upang ipakita ang Kaniyang dakilang kaisipan, kung ano'ng larawan ang nasa isip Niya ni Cristo at ng iglesia, hindi Siya kumuha ng ibang piraso ng putik na pinanggawa sa babae, kundi kumuha Siya sa tagiliran ni Adan ng isang tadyang; at kinuha Niya mula sa espiritu ni Adan, ang pagkababae, at inilagay iyon sa tadyang na ito. Kapag nakakita ka ng isang lalaking babakla-bakla, may kung anong mali. At kapag nakakita ka ng isang babaeng nagnanasang mag-astang lalaki, may kung anong mali. Kita n'yo, may kung anong mali. Sila ay dalawang lubos na magkaibang espiritu. Ngunit, kung magkasama sila bumubuo sila ng isang yunit: "Ang dalawang ito ay iisa." Kaya gumawa Siya ng babae at lalaki, at hindi sana sila tatanda, mamamatay, puputian ng buhok, hindi… Kumain sila, uminom, natulog, tulad natin; ngunit wala silang malay sa kasalanan.

34 Ngayon, lalampasan ko ang bahaging ito para sa ibang aralin sa isang pagkakataon, tungkol sa binhi ng serpente. At hinilingan nila akong bawiin ko iyon. Ipakita n'yo sa akin na may makalalapit sa akin upang magpakita ng iba kaysa rito. 'Yan ang gusto kong malaman. Kita n'yo? 59 Ngayon, pagkatapos ng lahat ng ito, nang pumasok ang kasalanan, ano'ng nangyari? 60 Doon sa kaitaas-taasan, daan-daang milyong milya ang layo, may espasyo na ganiyan kalaki, at iyon ay ang pag-ibig na agape. Sa tuwing hahakbang ka sa direksyong ito, kumikitid ito ng isang pulgada. At alam n'yo kung gaano na lang ito kaliit pagdating sa lupa? Isa na lang itong anino ng anino ng mga anino. Iyan ang taglay n'yo; iyan ang taglay ko: isang anino ng anino ng mga anino ng pag-ibig na agape.

35 May kung ano'ng bagay na nasa iyong kalooban; may kung anong nasa bawat kababaihang higit na sa beynte anyos; may kung anong nasa bawat kalalakihang naririto na higit na sa beynte anyos, na nagnanasang manatili. Mayroon ka na lang limang taon; iyan ay mula kinse hanggang beynte. Paglampas ng beynte nagsisimula ka nang mamatay. Ngunit mula kinse, isa

ka pa lang nagbibinatang anak hanggang sa makarating ka roon. Pagkakatapos ay gugulang ka hanggang sa magbeynte ka… At pagkalampas ng beynte, o, sasabihin mo, "Singhusay pa rin ako ng dati." Sinasabi mo lang iyan, ngunit hindi ka na gano'n. Namamatay ka na at unti-unti ka nang nasusunog, kahit ano pang gawin mo. Ginawa ka ng Diyos hanggang sa edad na iyon, ngunit pagkatapos niyon ay mamamatay ka na. Ngayon, ano'ng nangyayari? Ngayon, nagsisimula ka nang mamatay, ngunit sa kalooban mo ay may isang bagay na nagsasabi, "Nais kong maging disiotso ulit."

36 Ngayon, nais kong tanungin kayo. Ano kaya kung ipinanganak ka nung nakaraang limang daang taon at pagkatapos ay nanatili kang disiotso anyos hanggang sa araw na ito? Kundi ba naman maging antik ka na may mga ideya ng nakalipas na limang daang taon. Kita n'yo, may kung ano'ng mali. 63 Sasabihin mo, "Buweno, ngayon napakaganda ng pakiramdam ko, Brother Branham. O, disiotso ako; disisais ako, maganda ang pakiramdam ko." Iho, may sasabihin ako sa'yo. Papaano mo malalaman na buhay pa ang nanay mo sa sandaling ito kung wala siya rito sa simbahan? Papaano mo malalaman na ang kasintahan mong lalaki ay hindi namatay sa aksidente ilang sandali pa lang ang nakararaan, o ang kasintahan mong babae? Papaano mo malalaman na bukas ay hindi ka magiging isang bangkay sa inyong bahay? Papaano mo malalaman na makalalabas ka ng buhay sa simbahang ito ngayong gabi? Sadyang walang katiyakan. Walang anumang tiyak. Kung kinse anyos ka, dose kaya, disinueve, sitenta y singko, o disinueve—ang lahat ay walang katiyakan. Hindi mo alam kung saan ka nakatayo. Gayon pa man nais mong magbalik sa kinse, disiotso anyos. Ano'ng nagbubunsod sa iyo na mgakaganiyan?

37 Ngayon, kung magbabalik ka sa pagiging disiotso at doo'y mananatili ka, at hindi ka na magkakasakit at hindi na… Kailangang may makasama kang ibang mga tao, sapagkat katatandaan mo iyon. Kita n'yo? Magpapatuloy ang mga tao sa iba't ibang edad at magiging antik ka. Magiging mas masahol ka kaysa—magkakagayon ka nga kung tumanda kang kasama nila. Ngunit may kung anong nananawagan sa iyo na pumaroon. Iyon ang munting agape, ang munting aninong nagbubunsod sa iyo na… May kung anong mas mataas dito…

38 Ngayon, nung isang gabi, o nung isang umaga ng alas siete, nang alisin ako sa katawang ito ng Espiritu Santo, sa Kaniyang kabutihan at biyaya, naniniwala ako (Naniniwala ako. Oo o hindi, hindi ko masabi.), na nakapasok ako sa lupaing iyon at nakita ko ang mga taong iyon, at lahat sila ay bata. At nakita ko ang pinakamagagandang tao na nakita ko sa tanang buhay ko. At

sinabi Niya sa akin, "Ang ilan sa kanila ay nobenta anyos dati. Mga naakay mo sila. Kaya pala

sumisigaw sila ng, 'Kapatid ko, kapatid ko.'" 66 Ngayon, iyon ay makalangit na katawan, pag namatay tayo hindi tayo nagiging isang alamat na lamang; magkakaroon tayo ng isang katawan. Kung mamamatay ang bawat isa sa atin, kung pasasabugan tayo ng bomba atomika sa sandaling ito, sa loob ng limang minuto mula ngayon magkakamayan ang isa't isa sa atin at yayakapin natin sila, at magsisisigaw tayo, at labis na magsasaya, magpupuri sa Diyos. Opo. At sina Brother at Sister Spencer na nakaupo rito, na sa wari ko'y isa sa mga pinakamatatandang mag-asawa na naririto, ay magiging disiotso, beynte ayos. Magiging isang binata si Brother Neville, at ako'y magiging isang binatilyo. At lahat tayo'y sadyang magiging… Iyan talaga ang katotohanan. "Kung magiba ang makalupang tabernakulong ito na pinanahanan natin, may isa nang naghihintay sa atin."

39 Paglabas ng isang sanggol mula sa ina nito, tulad sa natural na panganganak, ang munting katawan nito ay pumipihit at ang mga binti'y sumisipa, at iba pa. Ipagpaumanhin n'yo ang aking pananalita, kayong mga kadalagahan. Ngunit kapag nagkakagayon, pumipintig ang mga kalamnan nito. Ngunit paglabas nito sa mundo, una'y matatanggap nito ang kaniyang hininga, at may isang espirituwal na katawan ng kalikasan na papasok sa sanggol sa sandaling iyon. Hayaan mo lang ito, ingungubngob nito ang kaniyang mukha sa dibdib ng kaniyang ina at magsisimulang sumuso. Kung hindi nito ito gagawin, hindi dadaloy ang gatas. 68 Napansin n'yo na ba ang isang baka kapag ipinanganak, ito'y… pagkakuhang-pagkakuha nito ng sapat na lakas upang makatayo? Sinong naguutos dito? Lalapit ito sa kaniyang ina, magsisimulang manungkal at sumuso. O, siya nga.

40 Sapagkat nang maihatid dito ang makalupang katawang ito, may nakahanda nang espirituwal na katawan para dito. At paglabas na paglabas nito… O, alleluiah. "Kung magiba ang makalupang tabernakulong ito na ating panahanan, may isa doong naghihintay." Paglabas na paglabas natin sa isang ito, papasok tayo sa isang iyon: isang hindi nangangailangan ng malamig na inumin, hindi nangangailangang uminom ng tubig; isang hindi kumakain, hindi galing sa alabok ng lupa ang mga ito. Ngunit tunay na tunay din sila, at nakadarama, nakikipagkamay, at nagmamahal at lahat na. At ang katawang iyon ay naghihintay doon. Bahagi iyon. Tatlo ang mga iyon.

41 Sinisimulan mo ang iyong Buhay na Walang Hanggan dito sa altar. Dito mo sinisimulan ang Walang Hanggan. Kung magkagayo'y isinilang ka nang muli, isa ka nang anak ng Diyos. At pag namatay ka, magsisimula kang… Kapag tinira ka ng kamatayan sa katawang ito at ang puso'y huminto na sa

pagtibok, at ang gulong ng buhay ay tumigil na, ang munting aninong iyon na isang anino ng anino, sa isang iglap ay magiging isang anino ng anino ng anino, at kasunod ay magiging isang anino, at pagkatapos magiging isang patak, pagkatapos ay magiging isang sapa, at pagkatapos ay magiging isang ilog, at pagkatapos ay magiging isang dagat; at matapos ang ilang sandali nakatayo ka na sa presensiya ng mga mahal mo sa buhay na nakatayo roon, nakabihis ng katawang makalangit, at nakikilala n'yo ang isa't isa, at nagmamahalan kayo. Nagbalik na kayo sa pagiging binata't dalaga. Tama nga. Naghihintay iyon doon hanggang sa pagbabalik ng Panginoong Jesus. At isang araw ang Kaniyang maluwalhating katawan ay… Ngayon, pakatandaan, iyon ay isang makalangit na katawan, hindi niluwalhati, isang makalangit na katawan. At isang araw, lilisanin ng makalangit na katawang iyon ang langit kasama ni Jesus.

42 "Sapagkat sinasabi ko sa inyo," Unang… II Mga Taga Tesalonica, ika-5 kabanata, o ika-5 kabanata ng I Mga Taga Tesalonica, isa diyan, "Sinasabi ko sa inyo; hindi ko nais na hindi n'yo malaman, mga kapatid, tungkol sa mga nangatutulog, na huwag kayong mangalumbay, tulad ng ibang walang pag-asa. Sapagkat kung tayo'y nagsisisampalatayang si Jesus ay namatay at nabuhay na mag-uli sa ikatlong araw, gayon din naman ang mga nangatutulog kay Cristo ay dadalhin ng Diyos na kasama Niya. Sapagkat sinasabi namin sa inyo sa pamamagitan ng utos ng Panginoon, na tayong nangabubuhay, na nangatitira hanggang sa pagparito ng Panginoon, ay hindi makasasagabal o makahahadlang (ang pinakamainam na salita) makahahadlang sa mga nangatutulog. Sapagkat tutunog ang pakakak ng Panginoon, at ang mga namatay kay Cristo ay unang magbabangon." Ang mga katawang makalangit na ito ay papanaog at magbibihis ng makalupang katawang niluwalhati. "At tayong mga nangabubuhay at nangatitira ay babaguhin sa isang sandali, sa isang kisap-mata, at aagawing kasama nila upang sumalubong sa Panginoon sa himpapawid."

43 "Hindi na Ako muling iinom ng katas ng ubas o kakain ng tinapay hanggang sa kumain Ako nitong muli na kasama kayo sa Kaharian ng Aking Ama," sa hapunan ng kasalan. Sapagkat sa loob ng tatlong taon at kalahati ay matatapos ang paghahari ng anticristo, ang buong mundo ay mawawasak. Ang mga Judio ay tatawagin, magpapakilala si Jose sa mga Hentil—o sa mga Judio. Naaalala n'yo ba nang magpakilala si Jose sa kaniyang mga kapatid, walang isa mang Hentil na naroroon. Nang ipadala niya… 73 Alam n'yo ang kuwento. Si Jose ay isang ganap na tipo ni Cristo, sa bawat kaparaanan. At nang ipatawag ni Jose ang kaniyang mga kapatid, at sila'y dumating, at tinignan niya at nasilayan si Benjamin, at nakita niya sila

roon, at kaniyang… Ang sabi nila, "Aba, ang lalaking ito. Dapat sana'y pinatay na natin ang kapatid nating si Jose." Mauunawaan ng mga Judio na nagkamali sila kapag nagpakilala na si Cristo sa kanila… At napuspos si Jose, halos ay mapaiyak siya; kaya't pinaalis niya ang kaniyang asawa at mga anak, at lahat

ng mga bantay at iba pa, at pinapunta sila sa palasyo. Tamang-tama nga. At sa harap lamang ng mga Judio, sinabi niya, "Ako si Jose, na inyong kapatid. Ako ang inyong kapatid." At nagpatirapa sila at nagsimulang mangatal, anila, "Ngayon, ito ang mapapala natin, dahil pinatay natin ang ating kapatid. Sinabi nating pinatay natin ang ating kapatid; ngayon siya ang dakilang haring ito." Ang sabi niya, "Ginawa iyon ng Diyos dahil sa isang layunin, upang magligtas ng buhay." Iyang nga ang dahilan kung bakit ginawa iyon ng Diyos: upang iligtas tayong mga Hentil. Ngunit ang mga Hentil ay nasa palasyo na noon. Alleluiah. Dahil tinanggihan ng Kaniyang mga kapatid, si Jose ay kumuha ng isang Nobya; ang Nobya ay isang Hentil, hindi Judio. Tama.

44 Ngayon, saan na kayo pupunta? Matapos nating ibihis ang maluwalhating katawang ito, at ang dakilang panahong parating kung kailan ang maluwalhating katawang ito, ang makalangit na katawang ito ay ginawa nang isang maluwalhating katawan… Nakukuha n'yo na ba kung ano'ng ibig kong sabihin? Kung magkagayon ay makalalapit na ako at makapagsasabi, "Brother Neville." Hayaan n'yong bigyan ko kayo ng isang ilustrasyon. Sasabihin ko, "Brother Neville, magpunta tayo kay Papa ngayong umaga." Siya'y Diyos. Kilala na natin Siya ngayon; isa Siyang Tagapagligtas; isa Siyang Tagapagpagaling. 75 Hindi kailan man nagkaroon ng pagkakalikha ng kasalanan. Hindi iyon nalunok nang husto, ano? Ang kasalanan ay hindi nilikha. Hindi po. Ang kasalanan ay isang pambabaluktot. Iisa lang ang Manlilikha; iyon ay ang Diyos. Ang kasalanan ay katuwirang binaluktot. Ano ang pangangalunya? Katuwirang binaluktot. Ano ang isang kasinungalingan? Ang katotohanang prinisinta sa maling paraan. Tunay nga. Ano ba ang isang sumpa? Ito'y mga pagpupuri sa Diyos na ginawang sumpa sa Diyos, sa halip na pagpupuri. Ang kasalanan ay hindi nilikha. Ang kasalanan ay isang pambabaluktot. Kaya't hindi maaaring makalikha si Satanas ng kasalanan; binaluktot niya lang ang nilikha ng Diyos. Tama nga iyan. Ang kamatayan ay isa lamang kabaluktutan ng buhay.

45 Ngayon, pansinin ito, pansinin ito. At lalapit ako, at magsasabi, "Brother Humes, tayo nina Brother Beeler, pati na ng ibang mga kapatid na lalaki, ay

pumunta kay Amang Diyos at magsabi, mamasyal naman tayo nang kaunti. Gustung-gusto niyo ang mga kabundukan dati nang kayo'y…" ″Oo, totoo iyon." 77 ″O, may dalawang milyong milyang gano'n sa bagong daigdig. Humayo kayo, mamasyal kayo sa mga iyon." 78 ″Kailangan kong…?... sa bawat pagsikat ng araw didinggin Ko kayo. Habang nagsasalita pa sila, ay sasagot na Ako." Isaias 66. Tama.

46 At alam n'yo, maglalakad ako roon; magalalakad tayong lahat doon sa loob ng mga limang daang taon, isa lang itong munting paglalakbay, isang milyon, wala itong anuman. Kita n'yo? At ngayon, tila kabaliwan ito, ngunit ito ang katotohanan. Kita n'yo, ito ang katotohanan, sapagkat doon ay wala nang oras; walang hanggan na kasi iyon. At sa paglabas ko roon, sa paglakad ko roon, alam n'yo kung sinong makikita ko? Sasabihin ko, "Buweno, narito si Sister Georgie Bruce. Aba, Sister Georgie, napakatagal na nung huling makita kita." Ang itsura niya ay tulad pa rin ng dati. Kita n'yo? Marahil ay sampung milyong taon na siya, ngunit batang-bata pa siya. Mangangamot siya ng likuran ng kung sino, at sa pagtingin ko; si Sheetang leon pala. Sasabihin ko, "Kumusta ka ngayong umaga, Sheetah?" 80 "Meow," tulad ng isang kuting. "O, galing ako sa pakikipagkuwentuhan sa ilang mga sister sa paligid ng malalaking bulalak na iyon; mga limang daang taon kami roon (Kita n'yo?), sa pamamasyal." Ngayon, tila kabaliwan iyan, ngunit iyan ang katotohanan. Tama nga. Ganiyan talaga ang binalak ng Diyos.

47 Buweno, pagpalain ng Diyos ang puso mo, Sister Georgia, walang pinsalang maaaring dumating, talagang wala. Sa gabi aakyat tayo sa tuktok ng bundok, at magsasabi, "O Amang Diyos, dati akong ligaw. O, dati akong nasa lusak ng kasalanan, Amang Diyos, at niligtas Mo ako." 82 Aba, ang mga taong sumubok na magpahayag niyan ay nabaliw. Buweno, ang lalaking sumulat ng talata ng "O Love Of God," na isinulat sa dingding ng isang institusyon para sa mga nababaliw, na sumubok na maghayag ng pagibig ng Diyos. Kung papaanong nagpakumbaba Siya upang iligtas ang mga makasalanan, at kung ano'ng ginawa Niya, ang pag-ibig Niyang nanaog upang kayo at ako ay iligtas. Kung pag-uusapan ang pagsamba, hindi alam ng mga Anghel ang tungkol dito. Ang pagsambang… Ang alam lang ng Anghel ay tumayo roon at ipagaspas ang kaniyang mga pakpak, sa kaniyang paglipad, "Alleluia. Alleluia." Ngunit, naku, pagdating sa pagkaalam na dati akong ligaw ngunit ngayo'y nasumpungan na; dating patay, ngayo'y nabubuhay na muli. O Diyos, dati akong makasalanan; nasa lusak; nasa basurahan.

48 Heto ang pinakamagandang maaaring maibigay sa inyo ng buhay. Nakapunta na ba kayo sa tapunan ng basura ng Colgate? Ito ang pinakamabahong lugar na napuntahan ko. Sumasama ang pakiramdam ko kapag naaamoy ko ang ang usok nito. Ang maparoon ka sa gitna ng lahat ng usok na iyon, sasamaan ka ng pakiramdam at ang iyong sikmura ay sadyang babaliktad, matapos mong uminom ng castor oil. Kita n'yo, napakasama ng iyong pakiramdam, at nagtatakbuhan ang mga daga sa paligid mo, nagtatangkang kanin ka, at iyan na ang pinakamainam ng buhay. At pagkatapos ay may nag-unat ng kamay sa iyo at ika'y dinampot. At napakatanda mo na at di mo na matulungan ang iyong sarili. Bigla ka na lang dinampot at ginawang disiotso anyos na binata, inilagay ka sa tuktok ng isang bundok, na nasa kasibulan ng iyong kalusugan, naku, lumalanghap ka ng napakagandang ihip ng sariwang hangin, umiinom ng malamig na tubig. Gugustuhim mo pa kayang bumalik uli sa tapunan ng basurang iyon? Hindi na, kapatid, kailan man ay hindi ka na pupunta muli roon.

49 Ngayon, iyan ang ibig sabihin no'n, mga kaibigan. Iyon ang pangitaing iyon, o pagkalipat (translation), anuman iyon, isang pangitain. Sasabihin kong isa itong pangitain, sapagkat nangangamba akong matisod ang kung sino pag sinabi kong pagkalipat (translation); ganun nga 'yon. Ngayon, diyan ang Diyos… Ano'ng ginawa ng Diyos upang makapaghatid ng mga anak lalaki at babae sa Kaniya. Ngayon, sino ang mga taong ito? Papaano silang… Anong nagawa ng mga taong ito para maging karapat-dapat sa ganito? Papaano nilang nagawa iyon? Ang Diyos, sa pasimula pa lamang, bago malikha ang Anghel… Ilan ba ang nakaaalam na Siya ay impinit? 85 Ngayon, kayong mga kapatid na Trinitarian, hindi ko ninanais na saktan kayo, subalit papaano n'yo nagagawa sa ngalan ng mabuting Salita ng Diyos na ilagay si Jesus bilang isang hiwalay na persona sa Diyos? Kung magagawa ni Jesus na kumuha ng ibang persona upang pag-alayin ng buhay para matubos ang taong ito, magiging isa Siyang likong persona. Sa isang paraan lang ito magagawa ng Diyos, ang akuin Niya mismo ang lugar na iyon. At ang Diyos ay naging laman upang matikman niya ang kirot ng kamatayan, upang ilayo ang tibo at kamatayan sa atin, upang tayo ay matubos Niya mismo. Kaya siya'y lubos na sasambahin. Si Jesus ay isang tao, tunay nga. Isa Siyang tao, t-a-o, isinilang ng birheng Maria. Ngunit ang Espiritung nasa loob Niya ay Diyos na walang sukat. Sa Kaniya ay nanahan ang kapuspusan ng Diyos sa kahayagang ayon sa laman. Siya ang Jehovah-Jireh; Siya ang Jehovah-Rapha; Siya ang Jehovah-Manasses; Siya ang Jehovah, ang ating Panangga, ang ating Kalasag, ang ating Tagapagpagaling; Siya ang Alpha, Omega, ang Pasimula at ang Wakas; Siya ang Una, ang Huli; Siya Noon, Ngayon, at Darating; ang Ugat at Supling ni David, ang Tala sa Umaga, aba, Siya ang lahat-lahat. Sa

Kaniya nanahan ang buong kapuspusan ng Diyos sa kahayagang ayon sa laman.

50 At ang kamatayan dati pa ay may panusok, na ipinanunusok nito sa mga tao. "Ah," ang sabi ng diablo, "Akin ka na, dahil nakinig ka sa akin. Tutusukin kita, ilalagay kita sa libingan. Hindi ka matutulungan kaunti man ng dugo ng mga tupa, dugo lang iyon ng hayop." Ngunit ang Diyos, sa Kaniyang karunungan, alam Niyang may paparating na Kordero, na pinaslang bago pa itatag ang sanlibutan. Opo. At sila'y… Hinintay Niya ang pagkakataong iyon, na dumating ang kapuspusan ng panahon. Ngunit isang araw nang dumating na ang Korderong ito, ang Lalaking ito, maging si Satanas ay nalito. Tumingin siya sa paligid Niya; ang sabi niya, "Kung ikaw ang anak ng Diyos, gawin mo ito. Kung ikaw ang anak ng Diyos, gumawa ka ng himala at ipakita mo sa akin. A-ha, pipiringan ko Siya ng basahan, hahampasin kita. Kung isa kang propeta, sabihim mo sa amin kung sinong humampas sa iyo. Hmm. Hindi ako naniniwalang ikaw ang taong iyon. Kung ikaw iyon, sabihin mo sa amin nang tuwiran: ikaw nga ba, o hindi." Kita n'yo, lahat na ng tulad niyon. "O, sabihim Mo sa amin na ikaw nga." Hindi Siya nagbuka ng Kaniynag bibig. O, o, napagkublihan Niya siya sa pagkakataong iyon.

51 Tumingin Siya sa mga alagad at nagsabi, "Maaari Akong mangusap sa Aking Ama at padadalhan Niya ako ng labindalawang pulutong ng mga Anghel…?..." 89 Hindi iyon narinig ni Pilato, alam n'yo. "Kung ikaw nga… Kung ikaw nga… O, hindi siya iyon. Aba'y, tignan mo kung gaano siya kaduguan. Hoy, ilan sa inyong mga kawal ay pumaroon at duraan ang Kaniyang mukha." Dinuruan, nilibak nila Siya, binunutan ng dakot-dakot na balbas. "O, hindi siya… Hindi, hindi siya iyon. Itatarak ko ang panusok ko sa kaniya, bata. Ibibitin ko siya ro'n. Nasa akin ka na ngayon." 90 Nang sumigaw Siya sa huling pagkakataon, "Eli, Eli. Diyos Ko, Diyos Ko," isa iyong tao. "Bakit Mo Ako pinabayaan?" 91 Sa halamanan ng Gethsemane, iniwan Siya ng pagkapahid, alam n'yo, kinailangan Niyang mamatay bilang isang makasalanan. Namatay Siyang makasalanan, alam n'yo iyan; hindi Kaniyang mga kasalanan, kundi sa akin at sa inyo. Diyan pumasok ang pag-ibig, kung papaanong inako Niya ang sa akin. O, alleluia, gano'n na lang Niya inako ang sa akin.

52 At hayun Siya; hindi makapagsalita. Ang sabi ni Satanas, "Alam n'yo, naniniwala akong isa lang siyang karaniwang tao. Hindi siya isinilang ng birhen, kaya't itatarak ko ang panusok ko sa kaniya."

At heto na siya, isinaksak niya ang kaniyang panusok sa Kaniya, subalit nagkamali siya sa pagkakataong iyon. Nabunot ang kaniyang panusok. Hindi na siya makatutusok pa magmula no'n; naiwan niya roon ang kaniyang panusok. Nagbangon Siya sa ikatlong araw at nagsabi, "Ako Siya na namatay, at nabuhay na muli, at buhay magpakailan man, hawak Ko ang mga susi ng kamataya at impiyerno." Opo. Hindi niya nakita kung Sino nga ba iyon. "At dahil Ako'y nabubuhay, kayo'y mabubuhay din naman. Hindi pa nahahayag…"

53 Isang araw, mga tatlo o apat na araw matapos iyon, pagkataps Niyang pumanik sa Ama, at magbalik, may ilang nagsabi, "O, Siya'y isang… Malamang ay isa Siyang multo. May kung anong mahiwaga sa Lalaking iyon. At kapag nakita mo Siya, pangitain iyon." "Hindi, Siya ang tunay na Jesus." 95 Ang sabi ni Tomas, "Hayaan n'yong makita ko ang Kaniyang mga kamay at lahat na, sasabihin ko sa inyo kung siya nga." 96 Ang sabi Niya, "Narito Ako." Ang sabi pa, "Mayroon ba kayong isda at tinapay dito? Bigyan n'yo ako ng tinapay." At binigyan nila Siya ng tinapay, at tumayo Siya roon at ito'y kinain. Ang sabi Niya, "Ngayon, ang isang espiritu ba ay kumakain tulad ko? May laman at buto ba ang isang espiritu tulad ng mayroon ako?" Kita n'yo? Ang sabi Niya, "Ako nga Siya. Ako iyon."

54 At ang sabi ni Pablo, "At hindi pa nahahayag kung ano talagang uri ng katawan ang tataglayin natin, ngunit alam nating magkakaroon tayo ng isang katawang katulad ng sa Kaniya." Ano? Tinaglay ba Niya

ang katawang theophany na iyon? Opo. Nang mamatay Siya, sinabi ng Biblia na, "Siya," isang panghalip na panao na naman, "Siya ay nagtungo sa hades at nangaral sa mga kaluluwang nakakulong." Alleluia. Papaano Niyang ginawa iyon? May mga pandama Siya; may pangdama ng pakikinig; may pandama Siya ng pananalita; nangaral Siya taglay ang kaparehong uri ng katawan na kinaroroonan ng mga niluwalhating nakita ko nung isang gabi. Nangaral Siya sa mga kaluluwang nasa impiyerno, na hindi nagsisi sa pagpapahinuhod ng panahon ni Noe. 98 Ngunit nang magbangon Siya ng Linggo ng Pagkabuhay, hindi maaaring makaranas ng pagkabulok ang Katawang iyon, sapagkat nakita na ito ni David na propeta, "Hindi Ko iiwan ang Kaniyang kaluluwa sa Sheol, o ni hindi Ko man titiisin na ang Aking Banal ay makakita ng kabulukan. Bukod doon ang Akin namang katawan ay tatahang matiwasay, sapagkat hindi Niya iiwan ang Aking kaluluwa sa Sheol, ni titiisin mang makakita ng kabulukan ang Aking

Banal." At sa ikapitumpu't dalawang oras bago pa magsimula ang kabulukan, ang theophany na iyon, ang katawang nangaral sa mga kaluluwang nakakulong, na hindi nagsisi sa pagpapahinuhod sa panahon ni Noe, ay nagbangong muli, at nagbihis ng imortal ang mortal, at Siya't tumayo at kumain, at sinabi Niya sa atin na isa Siyang Tao. Alleluia.

55 Ganiyan natin Siya makikita, Brother Evans. Kapag lumuklok na Siya sa trono ni David. Alleluia. Diyan tayo magpapalakad-lakad, maglalakbay tayo sa mga kabundukan sa loob ng isang milyong taon (Kita n'yo?), ilang araw lang, ilang minuto lang, makaparoroon na tayo, magpapaupo-upo tayo roon. 100 Pag dumating na ang oras ng pagkain, alam n'yo, una, ang sasabihin ni Sister Wood… Sasabihin ko, "Sister Wood, aba'y, saan ka ba nanggaling nitong mga nagdaang panahon? Hindi kita nakita sa loob ng, sa wari ko, ay mga labinglimang minuto." "O, dalawang libong taon na ang lumipas, Brother Branham." "A-ha. Kumusta ang pakiramdam mo?" O, anopa't wala kang anumang maaaring maramdaman kundi mabuti. "Hoy, halikayo rito, mga binata, may ipapakita ako sa inyo, mga kapatid, mga mahal na kapatid. Narito ang bukal ng tubig, ang pinakamainam na nainom n'yo. At, o, kukuha tayo ng malamig na maiinom. Kukuha ako ng isang malaking bungkos ng ubas, at kanin natin." Hindi't ba't magiging napakaganda niyon? Ganu'n nga iyon talaga. Sadyang ganu'n.

56 Papaano natin ito nakuha? Papaano natin nalalaman? Itinalaga tayo ng Diyos bago pa itatag ang sanlibutan. Sino? Ang mga nasa lupang pangako. … tayo'y itinalaga Niya nang una pa sa pagkukupkop na tulad sa mga anak sa pamamagitan ni Jesuscristo sa ganang kaniya, ayon sa minagaling ng kaniyang kalooban, Sa ikapupuri ng kaluwalhatian…(Upang magawa natin Siyang purihin tulad ng sinabi Niya. Iyon nga Siya, Diyos, nais natin Siyang purihin.)…sa ikapupuri ng Kaniyang biyaya, na sa atin ay ipinagkaloob na masagana sa Minamahal (Kay Cristo tayo ay tinanggap.) Na sa Kaniya ay mayroon tayo ng ating katubusan sa pamamagitan ng kaniyang dugo, na kapatawaran ng ating mga kasalanan (s-i-n-s)…

57 Kailangan kong bumalik sa pag-aampon, ngunit kailangan kong huminto sandali sa "mga kasalanan." "Mga kasalanan," napansin n'yo ba iyon? Alam n'yo bang hindi hinahatulan ng Diyos ang isang makasalanan sa kaniyang pagkakasala? Hinahatulan Niya siya sa pagiging makasalanan. Kapag ang isang makasalanan ay nanigarilyo, hindi Niya siya hinahatulan dahil do'n; isa

naman siyang makasalanan. Kita n'yo, kita n'yo? Walang anumang kasalanan ang makasalanan. Sadyang isa siyang makasalanan (Kita n'yo?); wala siyang anumang kasalanan. Ngunit kayo ang may kasalanan, kayong mga Cristiano. Kung papansinin n'yo rito, ang iglesia ang kaniyang kinakausap. Pinananatili siyang matuwid. Kita n'yo, kita n'yo? "Kapatawaran ng mga kasalanan," s-i-n-s. Tayo ang nagkakasala. Ngunit ang makasalanan ay sadyang isang makasalanan; hindi siya pinatatawad ng Diyos.

58 Ngayon, sasabihin mo, "Buweno, lumabas siya roon at binaril ang isang tao. Ano'ng gagawin mo do'n?" Hindi ko iyon tungkulin. Hindi ako isang reformer; isa akong mangangaral. Ang batas ang bahala do'n; sila'y mga reformer. Sila ang… Buweno sasabihin mo, "Nangalunya siya." Bahala ang batas do'n. Iyon ay sa pagitan niya at ng batas. Hindi ako isang reformer; hindi ako nagrereform ng mga tao. Nais ko silang maakay sa Panginoon. Isa akong mangangaral. Kita n'yo? Ang tungkulin ko ay ang dalhin siya sa Diyos. Kung nagkasala siya, nasa kaniya iyon; isa siyang makasalanan. Hinahatulan Siya ng Diyos sa mas mataas na antas. Unang-una'y isa siyang makasalanan, hinatulan na siya sa pasimula pa lamang. Ni hindi siya nakarating sa unang base, wala siya talaga. Isa siyang makasalanan sa simula pa lamang. Wala siyang anumang kasalanan; isa siyang makasalanan.

59 Hindi ka maaaring lumabas at magsabi, "Hanggang sa ganito ay gabi, at hanggang sa ganito ay hindi gabi." Hindi, gabi lahat iyon; gabi lahat. Iyon ang sinabi ng Diyos. Tama. Sadyang isa siyang makasalanan; iyon lang. Kita n'yo? 107 Ngayon, hindi ko maaaring sabihin, "Hanggang sa ganito ay liwanag." Hindi, sadyang liwanag itong lahat (Kita n'yo?), lahat ay liwanag; hindi mo masabi kung hanggang saan. Kita n'yo? Ngunit kung may isang itim na batik dito, kung gayo'y may kadiliman do'n.

60 Kaya "mga kasalanan," s-i-n-s, may kapatawaran tayo sa ating mga kasalanan sa pamamagitan ng Kaniyang ano? Dugo, mahalagang Dugo. … ayon sa kayamanan ng kaniyang…(Papaano natin iyon nakukuha? Dahil karapat-dapat tayo, may ginawa tayo upang mapatawad ang ating mga kasalanan? Ng Kaniyang ano?)… biyaya; 109 Ay, naku. Wala akong dala sa aking kamay, Panginoon. Wala akong

anumang magagawa; walang isa mang bagay akong magagawa. Tignan n'yo. Itinalaga Niya ako; tinawag Niya ako; pinili Niya ako. Hindi ako ang pumili sa Kaniya. Siya ang pumili sa akin; pinili Niya kayo; pinili Niya tayong lahat. Hindi tayo ang pumili sa Kaniya.

Ang sabi ni Jesus, "Hindi n'yo Ako pinili; Ako ang pumili sa inyo." Ang sabi Niya, "Walang makalalapit sa Akin, malibang siya'y ilapit muna ng Ama, at lahat ng ibinigay sa Akin ng Ama ay lalapit sa Akin. At walang isa man sa kanila ang mapapahamak, maliban sa anak ng kapahamakan, upang ang Kasulatan ay matupad." Kita n'yo? Ang sabi diyan, "Lahat ng ibinigay sa Akin ng Ama ay lalapit sa Akin."

61 O, masyado na ba akong nagtatagal? Hindi ako makalabas dito. Hindi pa nga ako nakapagsisimula e. Magmamadali ako. Kinakailangan kong marating ang isang bagay nang mabilis na mabilis kung makapagmamadali tayo. Kailangan kong balikan sandali ang pag-aampon na ito. O, maaari n'yo ba 'kong patawarin—sandali lang? Kunin natin ito… Ang ilan sa mga taong ito ay nanggaling pa ng Georgia para lang sa gabing ito, mapagpala nawa ang kanilang puso. Ngayon, kapatid na Taga-Georgia, at Taga-Texas, at kung tagasaan man kayo, pakinggan n'yo ang ika-5 talatang ito, magtagal tayo dito nang ilang sandali.

62 Na tayo'y itinalaga Niya sa—sa (unto)… Anong ibig sabihin ng salitang "unto"? Ang ibig sabihin nito ay mayroon tayong tutunguhin, pupuntahan. "Magpupunta ako sa bukal. Magpupunta ako sa upuan." Brother Humes, nakuha mo ba iyon? "Magpupunta ako sa lamesa." (Ngayon.)… Na tayo'y itinalaga Niya nang una pa sa pagkukupkop na tulad sa mga anak sa pamamagitan ni Jesus Cristo sa ganang Kaniya, ayon sa minagaling ng kaniyang kalooban, 113 Gaano kalaking kaluguran? Kaninong kaluguran, kaninong kabutihan? Sa Kaniya, ayon sa minagaling ng Kaniyang kalooban.

63 Ngayon, ano ba ang pag-aampon (pagkukupkop tulad sa anak)? Hayaan n'yong talakayin ko ito ngayon; hindi ko alam kung… Wala na kong oras para tapusin ito, ngunit sasagiin ko. At kung mayroong katanungan, maaari n'yo akong tanungin maya-maya sa mensahe, o anuman. Makinig kayo. Ang iyong pagkaampon ay hindi mo kapakanganakan. Ang pagkaampon mo ay ang pagkakalagay sa iyo sa tama mong lugar. 115 Ngayon, heto na tayo. Ngayon, ito ang medyo nakasasakit sa Pentecostal. Ang sabi nila, "Ipinanganak na akong muli. Purihin ang Panginoon, nakuha ko na ang Espiritu Santo!" Mabuti. Ikaw ay anak na ng Diyos. Tama. Ngunit hindi iyan ang sinasabi ko. Kita n'yo, kayo ay itinalaga patungo sa pag-aampon. Ang pag-aampon ay ang pagpupuwesto sa isang anak.

Masyado akong napalapit, nasabi kasi sa akin ni Becky na napapalapit ako nang husto; hindi n'yo na marinig sa likuran. Malapit nga ako. Kita n'yo?

64 Ang isang anak… Ilan ba ang nakaaaalam ng alituntunin ng pagaampon sa Lumang Tipan? Anopa't, kailangan mong… Tignan n'yo. May isang anak na isinilang. Sa paniwala ko'y binanggit ko iyon sa isang sermon. Ano iyon, Gene, naaalala mo ba? Nasa tape iyon. O, ano nga ba iyon? Tinalakay ko ang tungkol do'n. Ah, oo nga, naaalala ko na, "Pakinggan N'yo Siya," "Pakinggan N'yo Siya," ang pag-aampon ng mga anak. 118 Ngayon, sa Lumang Tipan, kapag isinilang ang isang anak sa isang pamilya, anak na siya pagkapanganak sa kaniya, sapagkat isinilang siya ng kaniyang mga magulang; anak siya ng pamilya at tagapagmana ng lahat ng bagay. Ngayon, ngunit ang anak na ito ay inaalagaan ng mga tagapagturo: Mga Taga Galacia, ika-5 kabanata, ika-17 talata. Tama. Siya ay inaalagaan ng mga tagapagturo, tagapag-alaga, guro. Ngayon, halimbawa, kung may anak akong isinilang, sabihin nating, isa akong ama at…

65 At iyan ang dahilan kaya sa King James, sino na bang nakaisip na katawatawang basahin ito sa King James Version, ang sabi, "Sa bahay ng Aking Ama ay maraming mga mansyon"—isang bahay, maraming mga mansyon? Kita n'yo? Ang totoo, nung panahong isalin ni King James ang Biblia, ang isang "bahay" ay isang "kaharian." "Sa kaharian ng aking Ama ay maraming mga mansyon." Hindi mga mansyon sa isang bahay, ngunit tinawag Siyang ama ng kahariang ito. Ginawa nila iyong Biblikal na Biblikal; ganun iyon sa Biblia. 120 Kapag ang isang ama ay may napakalaking bukirin, o kung anuman, at may mga tauhan siyang naninirahan dito. May inuupahan siyang mga trabahador na nakatira dito upang magpastol ng mga tupa; ang ilan pa ay sa banda namang ito upang mag-alaga ng mga baka; may iba pa na nasa mataas na pastulan sandaang milya ang layo, at may ilan sa banda rito na nag-aalaga naman ng mga kambing, at ilan naman ay ng mga mola at iba't ibang bagay. Sadyang napakalaki ng kaniyang kaharian. At sumasakay siya sa isang asno iniikutan niya ang bawat isa sa kanila upang kumustahin sila, ang paggugupit ng balahibo ng tupa at iba pang tulad niyan. Walang siyang panahon… 121 Hindi n'yo ako marinig kapag lumalayo ako. Sisikapin kong manatili dito. Naririnig n'yo na ba ako nang maayos ngayon, dito? Tignan n'yo.

66 Sumasakay siya sa asno, at humahayo, sinisikap na alagaan ang kaniyang kaharian. Kaya ngayon ay nais niyang… Ang anak ay magmamana ng lahat ng mayroon siya. Isa siyang tagapagmana. 123 At kapag ipinanganak tayo sa Kaharian ng Diyos sa pamamagitan ni Jesus Cristo, tagapagmana tayo ng langit, kasamang tagapagmana ni Jesus, sapagkat

humalili Siya sa atin. Siya'y naging tayo (kasalanan), upang tayo ay maging Siya (katuwiran). Kita

n'yo? Siya'y naging ako upang ako'y maging Siya (Kita n'yo?), kasama Niyang tagapagmana. Tama. Ngayon, alalahanin na iyan ay sa bawat isa sa inyo.

67 Ngayon, alalahanin, itinalaga kayo ng Diyos sa pamamagitan ng paunang kaalaman, na kayo ay hahantong dito. Lahat ng nakakaunawa, itaas n'yo ang inyong kamay. Kita n'yo? Ang Diyos, sa pamamagitan ng paunang kaalaman, ay itinalaga kayo upang makarating sa lupang pangako. Ano ang Lupang pangako para sa Cristiano sa araw na ito? Itaas n'yo lang ang inyong kamay kung nalalaman n'yo. "Ang pangako ay sa inyo at sa inyong mga anak, at sa kanila na nasa malayo. At mangyayari na sa huling mga araw, ang sabi ng Diyos, na ibubuhos Ko ang Aking Espiritu sa lahat ng laman, sa inyong mga anak na lalaki at mga anak na babae." At sa Isaias 28:18, "Utos at utos, bilin at bilin; dito'y kaunti, doo'y kaunti; panghawakan n'yo ang mabuti. Sapagkat sa pamamagitan ng pautal-utal na labi at iba't ibang wika ay mangungusap ako sa bayang ito. At ito ang Kapahingahan, ang Kapahingahan, ang lupain ng kapahingahan na Aking sinabing dapat nilang pasukin. At, sa lahat ng ito ay hindi sila nakinig, ngunit kanilang iwinagwag ang kanilang mga ulo, at nagsilayo, at ayaw makinig." Kita n'yo? Tama nga.

68 Ano iyon? Katulad na katulad din ng mga taong nanggaling pa ng Canaan—o ng Egipto, dumaan sila sa ilang, at nakarating sa gilid, malapit na malapit, hanggang sa natikman na nila ang mga ubas na galing sa lupain. Kapatid, doon… Gusto ng mga lalaking iyon na umurong ako tungkol sa Hebreo 6. Papaano ko iyon magagawa? Sila ay mga borderline believer; hindi sila kailan man makatatawid. Hindi sila makatatawid. Ang sabi ni Jesus… Ang sabi nila, "Kumain ang mga magulang namin ng mana sa ilang." 126 Ang sabi ni Jesus, "Ang bawat isa kanila ay nangamatay." Sadyang nahiwalay. Ang bawat isa sa kanila ay nangamatay. Tama. Ang sabi, "Ngunit Ako ang Tinapay ng Buhay na bumaba mula sa Diyos galing sa langit. Ang sinumang kumain ng Tinapay na ito ay hindi mamamatay. Tama. Opo, siya'y may Buhay na Walang Hanggan kung kakain siya Nito. Ako ang Punong kahoy ng Buhay mula sa halamanan ng Eden."

69 Ngayon, kita n'yo, ang mga taong ito ay nakalapit na nang husto… Kita n'yo, kung papansinin n'yo sa Hebreo 6, hindi na natin iyon babalikan, ngunit sa Hebreo 6, "Ang mga taong ito ay minsan nang nakabahagi, nakalapit nang husto, at nakalasap ng makalangit na kaloob." Nandiyan lang sila; nakakita sila ng mga pagpapagaling; nakakita sila ng mga taong napasailalim ng kapangyarihan ng Diyos; nasaksihan nila ang mga buhay na nabago; ngunit ayaw nila itong panghawakan. Hindi nga po. Hindi po. "At nakalasap ng

kapangyarihan ng mundong darating; kung susubukin nilang magbago muli sa pagsisisi, yamang kanilang ipinapakong muli sa ganang kanilang sarili ang Anak ng Diyos, at ibinilang ang Dugo ng tipan na nagpabanal sa kanila na…" 128 "Kabilang ako sa isang iglesiang naniniwala sa pagpapakabanal." Mabuti iyan hanggang sa kaya nitong abutin, ngunit kapos pa rin iyon. Kita n'yo. Opo. Pinagingbanal sila ng ilang. Tunay nga. Taglay nila ang tansong ahas at ang tansong altar, at lahat ng iba pang naroroon, pagpapaging-banal, ngunit pumasok sila sa Palestina para sa kapahingahan. Hindi ba't…

70 Tignan n'yo sa Hebreo 4, hindi ba't nagbanggit siya ng iba pang kapahingahan? Nilikha ng Diyos ang ikapitong araw at binigyan sila ng kapahingahan sa ikapitong araw. Nangusap siya sa ibang dako tungkol sa kapahingahan na nagsasabi, "sa araw na ito kay David…" At binigyan Niya sila ng ibang Kapahingahan, "Magsilapit kayo sa Akin, kayong mga nangapapagal at nabibigatang lubha, kayo'y Aking pagpapahingahin." Magsipasok kayo sa kapahingahang ito. 130 Sapagkat tayo na nagsipasok sa kapahingahang ito ay tumigil na sa ating mga gawa tulad ng ginawa ng Diyos sa araw ng sabbath. Tunay nga. Hayan ang inyong sabbath, kapahingahan. Hayan ang inyong tunay na kapahingahan sa lupang pangako. Ang Espiritu Santo ay isang pangako sa bayan. At bakit sila maghahangad ng mga edukado't pantas na mangangaral na magpapahintulot sa kanila na magsuot ng shorts at magpagupit ng buhok, at mag-lipstick, at magpahintulot sa kalalakihan na magsugal at uminom ng serbesa, at magbiro, at magwala nang ganu'n, at pagkatapos ay tatawagin ang kanilang sariling mga miyembro ng simbahan. Aba, tatanggap sila ng ganiyan at tatanggihan ang pangunguna ng Espritu Santo. Aba, sinabi ng Biblia na ang Salita ng Diyos ay mas matalas pa kaysa sa tabak na may dalawang talim na bumabaon hanggang sa inyong mga kasukasuan, at nakakikilala ng mga haka ng puso (Opo), pati ng kaisipan.

71 At kung iniibig natin ang sanlibutan o ang mga bagay ng sanlibutan, ang pag-ibig ng Diyos ay wala sa atin. "Marami ang tinawag; kaunti ang pinili; sapagkat makipot ang pintuan at makitid ang daan patungo sa Buhay, at kaunti ang nakasusumpong niyaon. Marami ang lalapit sa Akin sa araw na iyon at uupo sa Kaharian," ang sabi ni Jesus, "kasama nina Abraham, Isaac at Jacob. Ngunit ang mga anak ng kaharian ay itataboy, at sila'y magsasabi, 'Panginoon, hindi ba't ginawa namin ang ganito sa Iyong Pangalan? Hindi ba't nangaral kami? Hindi ba't naging Doctor Ganito-at-ganiyan kami at Reverend Ganitoat-ganiyan?' Hindi ko kayo nakikilala. Magsilayo kayo sa Akin kayong mga manggagawa ng katampalasanan; hindi ko kayo nakikilala. Hindi lahat ng

nagsasabing, 'Panginoon, Panginoon,' ay makapapasok. Ngunit ang mga tumutupad ng kalooban ng Ama na nasa langit, sila ang makapapasok."

72 Hayan, pagpasok sa lupang pangako. Papaano tayo pumapasok doon? Tayo ay itinalaga roon, ang

iglesia, sa pamamagitan ng paunang kaalaman ng Diyos. Itinalaga saan? Sa Kaniyang karangalan, sa pamamagitan ng Kaniyang biyaya, sa kaluwalhatian at pagsamba at kapurihan ng Diyos. Si Papa, na nakaupo roon nung pasimula, nabubuhay na mag-isa, walang kasama, ay nagnasa ng sasamba sa Kaniya, kaya't naglaan at nagtalaga Siya ng isang iglesia, at bago pa itatag ang sanlibutan, ay inilagay na ang kanilang mga pangalan sa Aklat ng Buhay ng Kordero nang sila'y paslangin bago pa itatag ang sanlibutan, upang sila'y mahayag sa Kaniyang kaluwalhatian at sa Kaniyang kapurihan sa dulo ng panahon, kung kailan ay matitipon ang lahat ng mga bagay sa isang Tao, kay Cristo Jesus. Whew. Luwalhati. Hayun na iyon. Sadyan iyon ang… At iyan ay nandiyan mismo, mga kapatid ko. Huwag na huwag kayong aalis diyan magpakailan man.

73 Tinawag kayo ng Diyos sa pamamagitan ng Kaniyang biyaya ng pagtatalaga. Binautismuhan kayo ng Diyos at inilagay sa lupaing ito ng kapahingahan sa pamamagitan ng Kaniyang biyaya ng pagtatalaga at kapangyarihan. Ang mga nagsipasok sa kapahingahang ito ay nahinto na sa kanilang pagkakaligaw. Tumigil na sila sa kanilang mga gawa katulad ng Diyos. May taglay silang kagalakang di masaysay at puspos ng kaluwalhatian. Ang Punong kahoy ng Buhay ay namumukadkad sa kanila. Mayroon silang pagpapahinuhod, kaamuan, kagandahang-loob, pagtitiis, pananamapalataya, kaamuan, kahinahunan, at iba pa. Ang Punong kahoy ng Buhay ay namumukadkad sa kanila sapagkat ang pag-asa nila ay nakaangkla kay Cristo Jesus, ang pasaksi ang Espiritu Santo ay nagpapatotoo sa pamamagitan ng mga tanda at kababalaghan na sumusunod sa mga mananampalataya. "At lalakip ang mga tandang ito sa magsisisampalataya." At magpapatuloy sila, magpapagaling sa mga may sakit; magpapalayas sila ng mga demonyo; magsasalita ng iba't ibang wika; makakakita ng mga pangitain. Sila'y… At lumalakad silang kasama ng Diyos; at nakikipag-ugnayan sa Diyos. Walang masamang makakikilos sa kanila; matatag sila, nag-aabang sa Buhay na Walang Hanggan. Kinalilimutan ang mga bagay na nagdaan, nagtutumulin sila sa hangganan ng mataas na pagtawag ni Cristo Jesus. Hayun sila. Hayan kayo. Iyan ang iglesia.

74 Papaano sila nakarating doon? Hindi maaaring sabihin, "Buweno, Panginoon, alam mo, isang araw nag-umpisa na akong manigarilyo, at ako ay nabuwal, at akala ko ako'y…" O, hindi, hindi, hindi, hindi.

Sa pagtatalaga ay tinawag Niya tayo at sumunod tayo sa Kaniya nang sabihin natin, "Diyos, kami ay ligaw at di ganap dati. Ni hindi kami nag-isip na maligtas. Tulad kami sa… Ang kalikasan nami'y tulad sa baboy; mga baboy kami sa simula pa lamang." 136 Magpunta ka sa isang kural at tignan mo ang isang inahing baboy, at sabihin mo, "Ngayon, tumingin ka rito, babae, may sasabihin ako sa iyo. Hindi ka dapat umiinom ng maruming tubig." 137 Sasagot siya ng, "Oink-oink." Kita n'yo? Ngayon, hanggang ganiyan lang ang mayroon ka sa pagliligtas sa iyong sarili. Tama nga.

75 Sabihin mo, "Iha, hindi ka dapat nagsusuot ng ganiyang mga damit; dapat kang magdamit nang malinis. Hindi mo dapat ginagawa ang ganito. Hindi ka dapat nagpupunta sa… Hindi ka dapat nagbabaraha. Hindi ka dapat naninigarilyo. Hindi mo dapat ginagawa ang ganito. Ginoo, hindi ka dapat nagdadala ng ganiyan." 139 Ang sagot niya'y "Oink-oink. Kabilang ako sa Oink-oink." A-ha. "Oink," hanggang diyan lang ang alam nila. "Buweno, gusto kong ipaalam sa iyo na simbuti mo rin lang ako. Oink-oink." Kita n'yo, tinatanggihan nila ang pangunguna ng Espritu Santo, sapagkat sinabi ng Biblia na kung iniibig mo ang sanlibutan o ang mga bagay ng sanlibutan, ang pag-ibig ng Diyos ay wala sa iyo.

76 Ano'ng nagpapaiba sa kanila? Kayo ay isang bayang banal. Ano'ng ginawa n'yo? Lumabas na kayo sa lupaing iyon. Nasa ibang lupain na kayo. Papaano kayong nakarating doon? Iyon ang lupang pangako. Anong uri ng pangako? "Mangyayari na sa huling mga araw, ang sabi ng Diyos, na ibubuhos ko ang Aking Espiritu sa lahat ng laman." Sa pamamagitan ng isang Espiritu ay nabautismuhan tayo papasok sa isang lupang pangako. Amen. Mga kapatid na lalaki't babae (Alleluia.), sa kadalisayan ng puso, walang paninibugho, walang pakikipag-alitan, walang anuman… Kahit pa ang isang kapatid ay maligaw, anuman ang gawin niya, habulin mo siya.

77 Hinabol ko ang isang kapatid na lalaki na naligaw di pa katagalan. Sinabihan ako ng isang binata, aniya, "Hayaan mo nang umalis ang salbaheng iyon. Pabayaan mo siya." Ang sabi ko, "Kapag dumating na ako sa lugar na ang puso ko ay wala nang damdamin sa aking kapatid, kung magkagayo'y oras na para magtungo ako sa altar, sapagkat nahulog na ako sa biyaya." Ang sabi ko, "Hahabulin ko siya habang may hininga sa kaniyang katawan, at mahuhuli ko rin siya kung saan man sa daan." Opo. At nahabol ko nga siya (Alleluia.), at naibalik. Opo.

Ligtas na siya ngayong nakabalik sa kawan. Opo. Tiyak na tiyak na maliligaw siya.

78 Kanina nang makita ko ang abang babaeng nakaupo roon, at tinawag ako ng sheriff, aniya, "Aba'y dapat ay naka-straightjacket siya." Ang sabi pa niya, "Sadyang nahihibang siya; wala siya sa kaniyang isip. Siya'y… Hinimpil nila siya sa isang hotel hanggang sa makarating ako. Ang sabi ko, "Walang problema diyan." 145 Ang sabi ng Sheriff, "Aba, Billy." Kilalang-kilala ko siya, simula nung siya'y bata pa. Ang sabi niya, "May magagawa ba ako upang makatulog sa iyo…" Ang sabi ko, "Ayos lang iyan." Ang sabi niya, "Matutulungan mo ba siya?" Ang sabi ko, "Hindi, pero Siya ang maaaring makatulong sa kaniya." Ang sabi ko, "Ibigay mo siya sa akin." 146 Kayat inilabas nila siya roon. At nang umalis siya nang mapayapa

kanikanina lang… Ano iyon? Nagsugo tayo ng panalangin para habulin siya. Amen. Lubos ang kaniyang… Ang sabi nila, ″Gusto mo bang kumuha ng duktor?‶ Sinabi niya sa kaniyang asawang lalaki, ″Gusto mo bang kumha ng duktor?‶ 147 Ang sabi niya, ″Walang anumang magagawa ang duktor sa kaniya.‶ At tama nga iyon. Hibang siya. ″Walang magagawang anuman ang duktor sa kaniya.‶ At ang sabi niya, ang tanging pag-asa natin ay ang makarating doon.″ At ang sabi niya, ‶Billy, hindi ko iyon maintindihan.″ Ang sabi ko, ‶Hindi ko inaasahan. Kita n'yo? Hindi ko inaasahang maiintindihan mo.″

79 Ngunit, naku, maging ako man ay di ko maintindihan. Hindi. O, ngunit kapatid, naaalala ko nang magpakalayo-layo ako minsan. May kung anong humabol sa akin. Amen. Hindi dahil sa nais kong lumapit, kundi may kung anong humabol sa akin. Sapagkat bago pa itatag ang sanlibutan, itinalaga ng Diyos (Alleluia.) na tayo'y maging sa Kaniya, para sa Kaniyang karangalan at kaluwalhatian. Makinig kayo. Ang mga nung una pa man ay nakilala na Niya, ay Kaniyang ano? Tinawag. Tama ba? Tinawag Niya ba kayo? Siyanga. Bakit Niya kayo tinawag? Noon pa man ay nakilala na Niya kayo. Ang mga noon pa man ay nakilala na Niya ay Kaniyang tinawag; ang mga tinawag Niya ay Kaniyang inaring-ganap. Tama ba? At ang mga inaringganap Niya ay Kaniya nang niluwalhati. Amen. Iyan ang sinabi ng Biblia. Ang mga nang una pa ay nakilala na ng Diyos ay Kaniyang tinawag: sa bawat

henerasyon. Ang mga tinawag Niya, ay Kaniya nang niluwalhati. Ano? Ngayon ay hayaan n'yong basahin ko ang Kasulatang ito. Sige. Na tayo'y itinalaga Niya nang una pa sa pagkukupkop na tulad sa mga anak sa pamamagitan ni Jesuscristo sa ganang Kaniya, ayon sa minagaling ng Kaniyang kalooban,

Sa ikapupuri ng kaluwalhatian… 149 Nakuha n'yo ba? Sa ikapupuri ng Kaniyang kaluwalhatian. Upang magawa Niyang maupo sa eternal na mga kapanahunan na magaganap, at ang mga anak Niya ay sisigaw ng, ‶Abba, Ama. Abba, Ama.″ 150 At sasabihin ng mga Anghel, ‶Ano kayang pinagsasasabi nila? Ano kayang pinagsasasabi nila?″

80 Aba, sasabihin mo, ‶Naniniwala si Calvin sa ganiyan.″ Hindi ako naniniwala kay Calvin. Si Calvin ay isang mamamatay-tao. Pinaslang ni Calvin ang isang tao dahil nagbautismo sa Ngalan ni Jesus. Isa siyang tampalasan, siya mismo ay kailangang ma-convert. Opo. Ngunit ilan sa sinabi niya tungkol sa mga bagay na tinuran niya ay tama. Huwag n'yong… 152 Ngunit ang kaniyang ikinilos, ang isang lalaking papaslang sa isang tao dahil sa isang bagay na tulad no'n, ay kakila-kilabot; napakasama niyon. Tama. … na sa atin ay ipinagkaloob na masagana…

81 Aba, sasabihin mo, ‶Naniniwala si Calvin sa ganiyan.″ Hindi ako naniniwala kay Calvin. Si Calvin ay isang mamamatay-tao. Pinaslang ni Calvin ang isang tao dahil nagbautismo sa Ngalan ni Jesus. Isa siyang tampalasan, siya mismo ay kailangang ma-convert. Opo. Ngunit ilan sa sinabi niya tungkol sa mga bagay na tinuran niya ay tama. Huwag n'yong… 152 Ngunit ang kaniyang ikinilos, ang isang lalaking papaslang sa isang tao dahil sa isang bagay na tulad no'n, ay kakila-kilabot; napakasama niyon. Tama. … na sa atin ay ipinagkaloob na masagana…

82 Teka muna, hindi ko nakuha ang ‶pag-aampon,″ ano? Masyado na ba akong ginabi? Tignan natin kung ano'ng sinasabi ng orasan dito, kung anong oras na ba. Sige. Siyanga, gumugol tayo ng sampung minuto para sa mga taong nanggaling sa malayo. Tignan n'yo.

83 Tignan n'yo. ‶Pag-aampon,″ hayaan n'yong ipakita ko sa inyo kung papaano ito isinasagawa. May malaking kaharian ang isang ama; iniikot niya ang kaniyang kaharian. Ngayon, may anak siyang isinilang. O, napakasaya niya. (Ngayon, iyan ang Diyos.) Kaya alam n'yo kung ano'ng gagawin ng amang iyon? Hahanap siya ng pinakamahusay na tagapag-alaga, isang tagapagturo. Alam n'yo kung ano ang isang tagapagturo, hindi ba? Isa itong guro. Hahanap siya ng pinakamagaling na guro na maaari niyang makita sa buong bansa. (At magtutuloy na tayo, makinig kayo.) 155 Hahanap siya ng pinakamagaling na guro na maaari niyang makita. Hindi siya kukuha ng basta-basta lang; nais niyang maging tunay na lalaki ang kaniyang anak. Hindi n'yo ba gustong magkaganiyan ang inyong mga anak? Siyempre, iyan ang pinakamainam na maaari ninyong maibigay sa kanila. Opo. Kaya

kung ang isang karaniwang tao ay mag-iisip nang ganiyan, ano sa palagay n'yo ang iniisip ng Diyos para sa Kaniyang mga anak? Ang pinakamainam na Kaniyang makukuha…

84 Kaya't gusto niya ng isang taong magiging tapat. Ayaw niya ng isang taong magsasabi, ‶Ngayon, tignan mo, Totoy, gawin mo lang kung ano'ng gusto mo, iho.″ ‶A, oo, ama, a-ah, nakakasunod naman siya nang maayos; isa siyang mabuting bata.″ Tatapik-tapikin siya at bobolahin… Ah hindi, hindi. Masisisante kaagad ang lalaking iyon. Tiyak iyon. Ang gusto Niya'y isang lalaking magiging tapat. Kung bumubuti ang bata, ay sabihin sa kaniya. Kung hindi, sabihin niya sa kaniya kung ano'ng problema. 157 At kung ang isang makalupang ama ay nag-iisip nang ganiyan… Hindi n'yo ba gusto ng isang taong magtatapat sa inyo, ng guro na magtatapat tungkol sa inyong mga anak? Siyempre. Buweno, ano sa palagay n'yo ang iniisip ng Diyos, at Siya ang nakaaalam; tayo ay hindi; limitado ang ating kaaalaman; hindi natin masabi. Ngunit Siya'y impinit at nakaaalam.

85 Kaya alam n'yo kung ano'ng ginawa ng Ama? Hindi sinabi, ‶Kukuha Ako ng isang papa upang

magbantay sa Aking mga anak.” Ni hindi Niya rin sinabi, “Kukuha Ako ng isang obispo.” Hindi, hindi. Hindi Niya iyon ginawa, dahil alam Niyang mamamali ang papa, at ganu'n din ang obispo. Kita n'yo? Hindi Niya sinabi, “Kukuha Ako ng isang general overseer upang magbantay sa Aking mga iglesia.” Hindi, hindi. 159 Ang Espiritu Santo ang kinuha Niya. Iyon ang Kaniyang Tagapagturo (Aha.) upang alagaan ang Kaniyang mga anak. Tama. At papaano n'yo malalaman na ang Espiritu Santo ay hindi… Nagsasalita Siya sa pamamagitan ng bibig ng isang tao. Papaano mo malalamang katotohan ang sinasabi Nito? Kapag nakita mo ang Espiritu Santo na nagsasalita sa pamamagitan ng bibig na nagsasabi ng pawang katotohanan sa tuwina, nanghuhula at ganap na natutupad, tulad ng sabi ni Samuel, kung magkagayo'y alam n'yo na iyon ay totoo. Matutupad ito nang tama. Sapagkat ang Diyos ang nagsabi, “Kapag nangusap siya at ang sinabi niya ay hindi natupad, huwag n'yo siyang pakinggan, sapagkat hindi Ako sumasakaniya. Ngunit kapag natupad, buweno, pakinggan n'yo siya, 'pagkat sumasakaniya Ako.” Kita n'yo? Hayan. Ganiyan ang ginagawa Niya.

86 Ngayon, at mag-iinspeksyon Siya. Ngayon, ano sa palagay n'yo ang sasabihin ng Tagapagturo kung kakailanganin Niyang magtungo sa Ama, at magsabi, “Ang sagwa ng asta ng mga anak Mo. Sasabihin Ko sa Iyo: ang anak Mong iyon ay isang rebelde. Mahinang klase siya; di pa Ako nakakakita ng ganu'ng tao. Naku, alam Mo ba kung ano'ng ginagawa niya? At ang anak Mong babae… O, naku, hindi Ko alam kung ano'ng magagawa Mo sa kaniya.

Hmm. Buweno, alam mo ba? Kaitsura niya ang… Kita mo? Tadtad siya ng pintura tulad ng mga babaeng Filisteo. Opo. Gusto niyang gayahin ang kilos nila.‟ ″Ang anak Kong babae?‟ 161 ″Oo, ang anak Mong babae.‟ Ganiyan ang masasabi ng Espiritu Santo tungkol sa iglesia sa araw na ito. Hindi nakapagtatakang hindi tayo magkaroon ng revival. Kita n'yo? Ngayon, totoo 'yan.

87 “E ang anak Mo namang lalaki, ha? Ganu'n din.” “Ano?” 163 “Buweno, alam Mo lagi Mong sinasabing ang mga tupa ay doon dapat manginain sa pastulang iyon sa itaas kung saan naroroon ang mga pagkaing pangtupa. Aba, alam Mo ba kung ano'ng ginawa niya? Itinaboy niya sila roon sa bunton ng mga damong ligaw. Dinala niya sila roon at itinambak ang mga ito sa sapang iyon, at hinayaan silang magpahiga-higa sa bunton ng mga damong iyon, na nagsisikain ng mga halamang ligaw, at nanghina sila nang husto na halos di na sila makaalis du'n.” Iyon ang mga obispo, mga pastor na tumatanggi sa kapangyarihan ng kabanalan. “Buweno sila'y… Sinasabi Ko sa Iyo ang katotohanan; hindi pa ako nakakita ng ganu'n kanerbyosong kawan ng mga tupa sa buong buhay Ko.” Ayaw Niya ng ganu'n. Talaga. “At alam Mo? Ang mga bakang naririto, sinabihan mo silang pakanin ng alfalfa, upang tumaba?” “Oo nga.” Alam Mo kung ano'ng ibinibigay niya sa kanila?‟ ″Hindi.‟ 164 ″Mga ironweed. Oo nga. Pinapasali niya sila sa iba't ibang samahan at lahat na. Hindi Ka pa nakakita ng ganu'n sa buong buhay Mo. Hindi ka pa nakakita ng gayon sa tanang buhay Mo. Alam mo kung ano'ng ginagawa niya? Naglilibot siya na nakatabako, nakasandal. Kasama niya ang kaniyang asawang babae, na nakashorts tulad ng ginagawa ng mga Filisteo sa labas. Oo nga.‟ Ganiyan ang klase ng mensahe na kailangang dalhin ng Espiritu Santo tungkol sa iglesia sa araw na ito. Ngayon, ano'ng palagay n'yo? Iyan ang pag-aampon. Ano'ng ginawa Niya? Itinalaga Niya tayo patungo sa pag-aampon. Ibinigay Niya sa atin ang Espiritu Santo; ngunit sandali lang; pag-aampon, iyan ang pinag-uusapan natin. Pag-aampon…

88 “Buweno, alam Mo kung ano'ng ginagawa niya? Dumaan ang Obispo nung isang araw, at siya ay nagdaraos ng munting healing service; dumaan ang obispo. May isang lalaki, isang kapatid na dumating at nananalangin siya para sa mga may sakit. At ang sabi ng Obispo, 'Itigil 'yan.'”

“Ah… ah, opo, father bishop, gagawin ko po iyon.” “Huwag kang makipagtulungan.” “Ah, hindi, hindi po, father bishop, tiyak pong hindi.” 166 “At dumating Ako at sinabi Ko sa kaniya ang Katotohanan mula sa Iyong Salita. Kita n'yo, heto Iyon. Binasa Ko ang Iyong mga kautusan sa kaniya kung ano ba talaga ang dapat niyang gawin, at ayaw niyang makinig sa Akin. Ang sabi niya, 'Ah, para 'yan sa ibang kapanahunan, ibang anak, ibang pagkakataon. Hindi ako ang pinatutungkulan niyan.'” Hayan na. Iyan… Ngayon, katotohaan iyan, kaibigan. Ngayon, hindi n'yo ba nakikita kung saan nabibigong maipuwesto ang iglesia, kung bakit wala tayong mga revival, kung bakit walang nangyayaring mga bagay sa atin? Iyan ang dahilan.

89 Ang sabi ni Josue, “Gad, nais kong ikaw ay… Naririto ang iyong puwesto ayon sa blueprint, ang lugar mo ay narito, dito mismo. Pumarito ka, Gad, at manatili ka rito. Benjamin, magtungo ka rito. At ngayon, kayong lahat ay manatiling malayo sa hangganan ng mga Filisteo.” Pagbalik ni Josue, lahat sila ay nasa lupain mga Filisteo, nagdadaos ng malaking kasayahan, nagsasayawan, at ang lahat ng mga babae ay nakapintura, at pasayaw-sayaw, lubos na nagsasaya. At napakamot ng ulo si Josue at nagsabi, “Ngayon, ano na?” Ngayon, ganiyan nga talaga ang nagaganap; hindi naman lahat, salamat sa Diyos, hindi lahat, ngunit napakarami. Tama.

90 Ngayon, ano'ng mangyayari pagkatapos no'n? Ganu'n ang nangyari. Hindi n'yo ba nakikinikinitang namumula ang Lalaking iyon, ang Espritu Santo, sa harapan ng Ama nang kailanganin Niyang sabihin ang gayon? Ay, naku. “Sinabihan Ko siya, ngunit ayaw niyang makinig. Sinabi Ko iyon sa kaniya, at pinabasa Ko pa sa kaniya sa Aklat mismo. May pinadaan Akong ministro upang ipakita sa kaniya na si Jesus Cristo

ay siya pa rin kahapon, ngayon, at magpakailan man. At alam Mo? Pinapunta niya ang isa sa mga pastol ng kambing upang sabihin sa kaniya na iyon ay nauukol sa ibang panahon. Kita Mo? At napakabaho niya nang dumating siya roon, amoy kambing (Alam mo na, sigarilyo…?... alam mo na, at iba pa), napakabaho niya nang dumating siya. Ngunit sinasabi Ko sa Iyo, ang pastol ng kambing na iyon ay may sapat na medalyang nakasabit sa kaniya (Tama.) na sasabihin Ko sa Iyo, kung isusulat ang pangalan niya sa pahayagan, ang patalastas ng kaniyang pagkamatay ay aabutin ng kalahating pahina para mailista ang kaniyang mga titulo. Opo. Totoong siya'y gusto nila sa lalawigang iyon, ngunit sinasabi Ko sa Iyo, tunay na hindi siya marunong magpakain ng mga tupa. Iyan ang isang problema. Sadyang ayaw niyang makining sa Akin," ang sabi ng Espiritu Santo. "Sinubukan Kong sabihin sa kaniyang Ikaw ay di nagbabago kahapon, ngayon, at magpakailan man, ngunit siya'y—sadyang

ayaw niya. Siya ang pinakduwag na nakita Ko sa buong buhay Ko. Oo nga. At ginawa pa siyang overseer, obispo, at iba pa, ng iglesia; lahat ng mga tao ay nakikinig sa kaniya. At alam Mo ba? Kinukuha nila ang mga… Mayroon sila roong kung tawagin nila ay telebisyon. Bubuksan mo iyon nang ganiyan, at lilitaw ang mga babaeng iyon at magwawala, lahat na ng klase ng kalahating damit, na… At alam Mo, marami sa mga anak Mong babae ang…?..." "Ah, hindi maaari iyon" Kita n'yo?

91 Ang sabi Niya, "Oo, ganu'n nga sila. Oo, ginagawa nila iyon. Umm. Ang ilan sa kanila ay humihiling ng revival, Ama, may ilan sa kanilang talagang naghahangad niyon. Ilan sa kanila ay talagang lumalakad ng matuwid; ilan sa kanila ay tapat na naninindigan sa Salitang iyon sa abot ng kanilang makakayanan. Ang iba naman, hindi Ko na alam kung ano'ng gagawin Ko sa kanila; nalayo na sila nang husto. Alam Mo kung ano'ng ginagawa ng mga ibang iyon? Pinagtatawanan sila, ang sabi'y, 'Isang bungkos lang sila ng mga nababaliw.'"

92 Ngunit ngayon baguhin natin ang larawan. Ngayon, ang Ama, ang Kaniyang Anak ay isang mabuting anak na lalaki. Ang Ama Niya sa buong panahon ay… Narito ang Tagapagturo, ang Espiritu Santo. Saan man ang Espiritu Santo… Ang sabi Niya, "Maglalakad Ako…" Ang sabi ng Tagapagturo, "Ako'y…" Ang sabi ng anak, "Lalakad akong kasama Mo. Sasama ako sa Iyo." "O, napakataas ng mga bundok, anak." "Hahayo ako sa tabi Mo. May tiwala ako sa Iyo. Kapag napagod na ako, itaas Mo ang aking kamay at alalayan Mo ako upang makapagpatuloy." "Ngunit may mga leon doon sa bundok." "Hindi problema iyon basta't malapit Ka, walang anuman iyon. Magpapatuloy pa rin ako." "May mga problema ro'n sa itaas; madudulas ang bato." "Hindi iyon mahalaga sa akin, basta't hawak-hawak Mo ang kamay ko, lalakad akong kasama Mo. Lalakad ako sa tabi Mo mismo." "O, alam mo ba? Ganiyan din dati ang Tatay mo. Kita mo?" "Mabuti iyon. Opo."

93 Pag-akyat Niya sa tuktok ng bundok. "O," aniya, "Alam Mo, Ama? Tulad na tulad Mo ang anak Mo. Siya nga ay walang pasubaling kagayangkagaya Mo. Bawat Salitang sinasabi Mo ay inaamenan niya. Pinagbuklat Ko siya ng Biblia nung isang araw, at ang sabi, 'Si Jesus Cristo ay siya pa rin

kahapon, ngayon, at magpakailan man.' Alam mo kung ano'ng sinabi niya? Sumigaw siya at itinaas niya ang kaniyang mga kamay, at nagsabi, 'Alleluia, amen.' O. At alam Mo ang sabi rito sa Iyong Salita, sa dakong sinabi Mo, 'Ang mga gawang… Ang sumasampalataya sa Akin, ang mga gawang ginagawa Ko ay gagawin din naman niya'?" 176 "Oo, naaalala Kong isinulat Ko iyon sa Aking anak. Oo, naaalala Kong isinulat Ko iyon." 177 "O, nang makita niya iyon, sadyang nagsisigaw siya at naglulundag, sumisigaw ng, 'Alleluia, Panginoon. Alisin Mo po lahat ng kamunduhan sa akin. Gawin mo ako'ng ganu'n.' Opo. At lahat ng mga bagay na iyon na ginawa niya…" 178 "O, ang sabi ng Ama, "Oras na. Natutuwa Ako sa anak Kong iyan. Mabuting anak iyan. Sige. Matiyagan Mo siya sa loob ng ilan pang taon; tignan natin kung papaano siyang magpapatuloy, kung papapaano siyang uusad."

94 Pagkalipas ng mga taon. "Kumusta na siya?" "Ay, naku, lumalago siya maging sa biyaya. Ay, naku, sadyang… Binabalatan niya ang mga kahoy. Sinasabi Ko sa Iyo; siya'y talagang… Aba'y kinukuha niya ang mga tupa, at napapangalagaan niya tulad Mo. Hindihindi niya sila binibigyan ng mga damong-dagat. Hinding-hindi niya sila binibigyan ng ironweed. Pag lumapit sila, na nagsasabi, 'Gusto naming sumapi sa mga simbahan,' ang sabi niya, 'Tumahimik nga kayo, hindi n'yo iyon kailangan. Hindi po. Heto ang kailangan n'yo, "Magsisi kayo at magpabautismo ang bawat isa sa inyo, sa Ngalan ni Jesus Cristo, sa ikapapatawad ng inyong mga kasalanan. Tatanggapin n'yo ang kaloob ng Espiritu Santo.' Opo, 'yan ang sinabi Niya." "O, talaga bang sinasabi niya iyon?" "Opo, talagang sinasabi niya." "Buweno, ganiyang-ganiyan Ko Iyon isinulat." "Sadyang ganiyan din niya Iyon sinasabi." "Hmm, siya nga po."

95 Ang sabi ng isa sa mga ito, "Magsipanatili kayo sa bayan ng Jerusalem hanggang sa kayo'y masangkapan ng kapangyarihang galing sa itaas. Matapos na dumating sa inyo ang Espiritu Santo magiging mga saksi Ko kayo sa Jerusalem, at Samaria, hanggang sa kahulihulihang hangganan ng lupa." Nang basahin niya iyon, sumigaw siya, 'Alleluia, iyan ang kailangan n'yo!'" Alam

Mo kung ano'ng ginagawa niya? Sadyang dinadala niya sila roon hanggang sa makuha nila ito, ganu'n lang, sinasamahan niya sila." 181 "At kapag nagpasimula silang magtalo-talo, sinasabi niya, 'Ooops, ooops, ooops, teka muna, teka muna. Mga kambing ang ganiyan umasta, hindi ang mga tupa. Kita n'yo,

kita n'yo? O, minsan medyo naiinis sila sa kaniya, ngunit medyo tinatapik niya sila nang kaunti sa likod at sinasabi, "Teka muna, sh-sh, sh, sh, sh. Walang problema." Talagang alam niya kung papaanong pangangalagaan ang mga tupang iyon. Opo, sinasabi ko sa Iyo."

96 "Alama mo? Nakita ko si Arsopisbo Ganito-at-ganiyan na nagsabi ng ganito: hindi siya maaaring pumunta sa ganitong bayan at magdaos ng isang pagtitipon.' Ngunit, alam Mo, medyo pinangunahan Ko siya; ang sabi Ko, 'Humayo ka pa rin.' (Kita n'yo?) "Bawiin mo ang mga tape na ito, at huwag mo na itong palalabasin." "Humayo pa rin sila. Nagtungo sila sa mga bayang ito, at nagsabi, 'Buweno, hindi kami mag-iispon…'" "At alam Mo nagpunta ang diablo ro'n at nagsabi, 'Tinitiyak ko sa'yo, hindi ko siya papapasukin sa bayang iyon.' Ang sabi Ko, 'Di mo kaya. Kapag sinabi Ko sa kaniyang humayo siya, hahayo siya. Tiyak kong hahayo siya.' 'Hindi, hindi, hindi, hindi, hindi, sasabihin ko sa kaniya. Paparoon ako at sasabihin ko, 'Lahat kayong mga ahente ko ay magkatipon-tipon ngayon. Hindi n'yo gustong umabot doon ang panatisismo iyon, ang bagay na kung tawagin nila ay Divine healing at Espiritu Santo. Lumipas na iyon kasama ng mga apostoles maraming taon na ang nakararaan. Alam n'yong walang kuwenta iyon, noon pa man. Sinisikap nating bigyan sila ng ironweed, at iba pang tulad niyon." Kanilang…

97 "Pero alam Mo, nagpunta pa rin siya do'n. Nagtungo siya do'n at nagsimulang mamigay ng alfalfa. At pagbalik niya, aniya, 'Alam Mo, nang magsimulang kumain ang mga tupa, tumaba sila nang tumaba. Opo. Aba'y nagdadaos sila ng mga pagpapagaling at mga pagtitipon at, alam Mo, marami sa mga binata… Aba'y nakita nilang may malaking bunton sila ng dayami tulad ng alfalfa. Maaaring nag-iisip Ka kung ano'ng ginawa nila ro'n, naging napakasarap niyon na nagtakbuhan sila sa kanilang mga kapitbahay, at nagsabi, 'Tikman n'yo! Tikman n'yo!' Ang sabi nila, 'Mga teen-ager, maghanda kayo…?...' Opo, ganito. Heto po. Heto mismo. Heto nga po iyon mismo. Kita n'yo? Ngayon, magsisi lang ang bawat isa sa inyo, at magpabautismo sa Ngalan ni Jesus, maaari n'yong matanggap ang Espiritu Santo. Ito'y para sa kanino mang magnanais, lumapit lang siya, lumapit siya

nang makita niya kung ano'ng sinabi ng Biblia.' Kita n'yo? At sadyang nagkaroon sila ng napakasayang panahon doon." 185 "O, anak Ko iyon! Iyon ang anak Ko. Buweno, palagay Mo ba'y gumulang na siya nang husto?"

98 "Oo. Tunay nga," ang sabi ng Espiritu Santo. "Binigyan Ko siya ng mga pagsubok. Aba, sinubok Ko siya sa ganitong paraan, at sinubok Ko siya sa ganiyang paraan. Ibinagsak Ko siya, sa karamdaman; inilagay ko siya sa ilalim. Tinapakan Ko siya; hinayaan kong gawin ng diablo lahat ng kaya niyang gawin; nagbangon pa rin siya. Ganu'n pa rin siya, nagbangon siyang muli. Hinayaan Ko siyang magkasakit. Ginawa Ko ang ganito. Inilagay Ko siya sa ospital. Inilabas Ko siya at ginawa ko ang ganito; ginawa Ko ang ganiyan. Ginalit Ko ang misis niya laban sa kaniya; ginalit ko ang kaniyang mga kapitbahay laban sa kaniya; lahat na. Wala pa rin. Ang sabi niya, 'Patayin man Niya ako, magtitiwala pa rin ako sa Kaniya.' Pinatay Ko na ang kaniyang pamilya. Kinuha Ko ang ganito; ginawa Ko ang ganito; ginawa Ko na ang lahat ng ito; ginawa Ko ang ganito, ganiyan, at iba pa. Nagtindig pa rin siya, 'Patayin man Niya ako, maglilingkod pa rin ako sa Kaniya. Siya'y sa akin." 187 "O, buweno, naniniwala akong kailangang tawagin natin siya sa isang natatanging lugar upang magdaos ng isang pag-aampon.'" 188 Ngayon, kapag napagtanto ng ama sa Lumang Tipan na ang kaniyang anak ay gumulang na, at nasanay na upang maampon… Patungo… Isinisilang sila bilang isang anak, ngunit, kapag—anak na sila sa pagkakataong iyon. Ngunit sila'y mananatili anak lamang, isang karaniwang anak, hanggang sa sila ay gumulang at magawa nilang maipakita kung ano sila. Pagkatapos siya'y tatawagin na niya.

99 Ngayon, narito na tayo, iglesia. Handa na ba kayo? Ngayon, medyo gabi na, kagatin ng bawat isa ang kaniyang daliri, kurutin n'yo ang inyong kaluluwa, at kalabitin ang inyong puso, sandali. Kita n'yo? Ngayon ay ipupuwesto natin ang iglesia. Kapag ang iglesia ay dumating na sa lugar na iyon, sasabihin Niya, "Manases, dito ka nabibilang. Ephraim, ikaw ay dito naman." 190 Pagkatapos ay dadalhin siya ng ama sa isang lugar, at pauupuin sa mataas na dako tulad nito, at magdadaos siya ng seremonya, at lahat sila ay magsisilapit. At sasabihin niya, "Nais kong malaman ng bawat isa na ito ay anak ko, at inaampon ko ang aking anak. At nais kong malaman ng bawat isa, na magmula ngayon, ang pangalan niya… Binihisan ko siya ng isang espesyal na kasuotan. At nais kong malaman n'yo na ang pangalan niya ay singbisa na

ng pangalan ko sa anumang tseke. Siya'y anak ko; inaampon ko siya ngayon sa aking pamilya, bagama't anak ko na siya simula pa nang siya'y isilang. Magmula nang tanggapin niya ang Espiritu Santo, ay anak Ko na siya. Ngunit ngayon ay ilalagay Ko siya sa posisyon ng kapangyarihan. Ang kaniyang tanggalin ay matatanggal, ang kaniyang tanggapin ay matatanggap. "At katotohanan, katotohanang sinasabi Ko sa inyo, kung sasabihin n'yo sa punong kahoy na ito, o sa bundok na ito, 'Makilos ka,' at hindi kayo magaalinlangan sa inyong puso, kundi sasampalatayang matutupad kung ano'ng sinabi n'yo, ito'y matatanggap ninyo." Kita n'yo? Hayan; hayan. Kita n'yo? "Anak ko siya." Ilan ba ang nakaaalam na ganiyan ang pag-aampon, na inaampon nila ang anak matapos na mapatunayang isa siyang… Ang bawat isa ba'y nagbabasa ng Biblia, ang pagpupuwesto ng mga anak.

100 Ngayon, ganu'n din ang ginawa ng Diyos sa Kaniyang Anak nang dalhin Niya si Jesus sa Bundok ng

Pagbabagong-Anyo. Isinama Niya roon sina Pedro, Santiago, at Juan, tatlong saksi iyon mula sa lupa. Naroon sina Jesus, Moises, at Elias, at ang Diyos, sa itaas ng bundok. Nakatayo sila roon sa bundok. At bigla na lang, sa paglingon nila, si Jesus ay naluwalhati sa kanilang harapan. Tama ba? Ilan ang nakaaalam na iyan ang Kasulatan? Ano'ng ginawa Niya? Binihisan Niya Siya ng damit ng kawalang-kamatayan. At ang sabi, "Ang damit Niya ay nagliwanag tulad sa sikat ng araw." Tama ba? At may ulap na lumukob sa Kaniya. At sina Pedro at Juan at ang iba pa sa kanila, ay nagpatirapa. At pagtingin nila nakatayo roon sina Moises at Elias, na nangungusap sa Kaniya. At matagal nang patay si Moises at nailibing sa isang di matukoy na libingan sa loob ng walong daang taon. At si Elias naman ay sumakay sa isang karuwaheng patungong langit, limang daang taon bago iyon. Naku, ngunit naroon pa rin sila. Siya'y kinakausap nila. Kita n'yo, pinaakyat Niya si Jesus upang makita sila, upang makita ang lahat ng tungkol do'n, maipakita sa Kaniya ang mga bagay na ito. At Siya'y kinausap nila, nagkaroon sila ng pakikipag-usap sa Kaniya.

101 At sa paglingon muli ni Pedro ang kaluwalhatian ay nawala na kay Jesus, siya na lang ang nakita nila, at may tinig na dumating mula sa ulap na nagsasabi, "Ito ang sinisinta Kong Anak, pakinggan n'yo Siya. Ang Pangalan Niya'y simbisa na ng sa Akin ngayon. (Tama.) Pakinggan n'yo Siya." Hayun na iyon, inampon, o ipinuwesto bilang anak. 194 At diyan sinisikap na ihatid ng Diyos ang iglesiang Pentecostal sa Aklat ng Mga Taga Efeso. Kita n'yo? Nauunawaan ba ninyo? Kailangan na nating magtapos dahil gumagabi na nang husto (Kita n'yo?), inaantok na ang mga bata. At nais ko sanang bumaba sa talatang ito, ngunit di ko na magagawa, hanggang sa ika-13 talata (Kita n'yo?), sa huling bahagi, "tinatakan ng Espiritu

Santo ng pangako." Kukunin natin iyan sa Linggo. Kita n'yo? Tignan n'yo. Ngayon… papaanong… Ano'ng nagpapasok sa atin, at kung papaano tayong iniingatan Nito…

102 Ngunit ngayon papaano ba kayo naipu-"puwesto"? Isinisilang ka muna sa Kaharian sa pamamagitan ng Espritu Santo. Ilan ba ang nakaaalam niyan? Tama. Ang kasunod, ikaw ay itinalaga saan? Pag-aampon. Ano iyon? Ikaw ay itinala patungo sa pagpupuwesto.

103 O, si Sister Scott, sa paniwala ko ang nakaupo rito. Hindi ba't ikaw ang nasa bahay ngayong araw na ito? May isang katuruan na umiikot kung saan sa mundo, sa iba't ibang bahagi ng bansa, maraming beses ko nang narinig iyon: na si Jesus daw ay naririto sa lupa, lumilibot na nasa isang katawan, dumarating Siya at gumagawa ng ganito. Isa iyang kasinungalingan. Ang Espiritu Santo Niya'y naririto, at sinisikap Niyang ipuwesto ang Kaniyang iglesia, isaayos ang Kaniyang iglesia, ilagay sa lupang pangako, upang sila ay makapasok—nang sa ganu'n ay maitaboy ang lahat ng mga kaaway.

104 Hindi magawang makuha ni Manases ang kaniyang lupain. Hindi ako makapagdadaos ng healing service kapag kalahati ng… Kapag lumabas ako at nangaral ng bautismo sa Ngalan ni Jesus Cristo, sasabihin ng mga kapatid na Trinitarian, "O, isa siyang Jesus Only." At hindi ako maaaring magtungo sa dakong ito at magdaos ng Divine healing kapag kalahati sa kanila ay nagsasabing, "Ayos lang ang Divine healing." At marami sa kanila ang nasisiyahan sa mga himala ng Panginoon at nagsasabi, "Buweno, naniniwala akong si Brother Branham ay isang propeta, ngunit hayaan n'yong sabihin ko sa inyo ang isang bagay. Habang nakalukob sa kaniya ang Espiritu Santo, at siya'y nagdi-discern, lingkod siya ng Panginoon. Ngunit ang kaniyang katuruan ay bulok. Walang iyong kuwenta." Sino bang nakarinig na ng gayong kabaliwan? Sa Diyos ito o hindi ito sa Diyos. Tama. Ang Diyos ang may kagagawan ng lahat ng ito o walang anomang kinalaman ang Diyos dito. Ganiyan nga ito. Ngunit papaano ka kikilos? Ayaw manatili ni Manases sa kaniyang lugar; ayaw manatili ni Ephraim sa kaniyang lugar; ayaw manatili ni Gad sa kaniyang lugar; ganu'n din si Benjamin; lahat sila'y nagpapgala-gala sa labas kasama ng mga Filisteo at nagkalahok-lahok na. Papaano tayo maipupuwesto? Ngunit tayo ay isinilang na ng Espiritu Santo, lahat tayo. Tama ba? Saan tayo isinilang? Itinalag… At pagkatapos na maisilang, tayo ay nakatalagang maampon, upang maipuwesto sa Katawan ni Cristo. Nakikita n'yo ba ang ibig kong sabihin?

105 Ano ba ang Katawan ni Cristo? Ang ilan ay mga apostol; ang ilan ay mga propeta; ang ilan ay mga guro; ang ilan ay mga evanghelista; at ang ilan ay

mga pastor. Tama ba? Tinawag tayo. Ang iba ay may mga kaloob ng iba't ibang wika, pagpapaliwanag sa wika, karunungan, kaalaman, mga himala, paggawa ng mga himala, lahat ng iba't ibang mga kaloob na ito. At ngayon ay ano'ng ginawa nila? Pinagana nila nang kaunti. Ano na? Nagluwang sila nang husto dito. May isang tatayo, magsasalita ng iba't ibang wika, at ang iba naman ay dadaldal, [Ginaya ni Brother Branham ang ingay ng kawalan ng kaayusan at kalituhan—Ed.]…?... Ang mangagaral ay mangangaral, mananawagan sa altar, at may isang tatayo, magsasalita ng iba't ibang wika at "Alleluia, luwahati sa Diyos." Kung sakaling ang mangangaral ay magpatuloy sa kaniyang mensahe, dahil may pahid, sasabihin ng mga tao, "ang backslider na ito." Kita n'yo, dahil hindi sila naturuan.

106 Sinabi ng Biblia na ang espiritu ng propeta ay napasasakop sa propeta. Hindi ang Diyos ang may akda ng kaguluhan. Kapag nakatayo ako rito, naglilingkod ako sa ilalim ng pagkapahid ng Diyos. Gaano

n'yo man nais na magsalita ng iba't ibang wika, manahimik kayo hanggang sa matapos ang Diyos dito. At kung magsasalita kayo ng iba't ibang wika, hindi maaaring pag-uulit lang ito ng Kasulatan, sapagkat ang Diyos ay di gumagamit ng walang kabuluhang pag-uulit-ulit. Subalit ito'y isang direktang mensahe sa isang tao. Tanungin n'yo ako kung minsan man, tumukoy kayo ng isang pagkakataon na ang Espiritu Santo, sa ilalim ng discernment, ay nag-ulit-ulit ng Kasulatan sa isang tao. Sinasabihan siya ng tungkol sa isang bagay na mali sa kaniya at isang bagay na nagawa nila, at isang bagay na dapat nilang gawin, o may isang bagay na dapat na mangyari, isang bagay na tulad niyan. Tama ba? 200 Ganu'n din ang pagsasalita ng iba't ibang wika at pagpapaliwanag. Kung may isang nagsasalita ng iba't ibang wika sa iglesia, at may ibang nagpapaliwanag, halimbawa, "Sabihin mo sa lalaking ito na kahapon ay nagtungo siya rito at may ginawa siyang mali. Ngayon, sinabihan siya ng duktor ngayong araw na may cancer siya. Ituwid mo ang bagay na iyon, bumalik ka rito at mag-ayos ka sa Diyos." Sasabihin ng lalaki, "Tunay nga, iyan ay totoo." Kung gayo'y kasama n'yo ang Diyos.

107 Ngunit papaano natin itong gagawin sa ganitong kaparaanan? Kita n'yo? Bahala na kung saan mabunggo [Naglarawan si Brother Branham—Ed.], basta-basta na lang, kahit papaano na lang, walang pagpupuwesto sa tamang lugar. Ngayon, iyan… Kita n'yo, ang Mga Taga Efeso ay nagsisikap na…Kita n'yo, hindi nila iyon nakikita. Kita n'yo, kaya't di nila natatanggap. Tayo ay itinalaga sa pag-aampon ng mga anak. Ngayon, ilan ba ang nakauunawa sa ibig kong sabihin, itaas ang inyong kamay. Pag-aampon. Isinilang tayo sa

Espiritu ng Diyos, tunay ngang tumanggap tayo ng Espiritu Santo, at sumigaw ng, "Abba, Ama. Alleluia. Luwalhati sa Diyos." Tayo'y… Tama. Mga anak tayo, ngunit wala tayong marating. Di natin magapi ang mga Filisteo.

108 Tignan n'yo nang tumayo doon si Billy Graham. At sinabi ng Mohammedan na, "Patunayan mo nga." Tignan n'yo si Jack Coe na nakatayo doon. At ang ateista, ang Church of Christ na iyon ay nakipagkamay sa ateistang naroroon. Cristiano raw, pagkatapos ay nakikipagkamay sa isang demonyong tulad ni Joe Lewis, na isang free thinker, at minura pa nga ang Diyos at nagsabing unang-una'y wala naman talagang Diyos, at ibang tulad niyon sa isang simbahang nag-aanking Iglesia ni Cristo, nakikipagkamay sa kaniya, at pinagkampihan si Brother Jack Coe. Papaano ka makagagawa ng anuman? 203 At marami sa mga Pentecostal ang laban sa kaniya; samantalang dapat sana'y bawat mangangaral sa lupain natin ay tumayong kaisa niya at magsabing, "Diyos, isugo Mo po ang Iyong kapangyarihan." Kita n'yo, hayan tayo, hindi tayo magawang maipuwesto.

109 Ayaw manatili ni Ephraim. Pag may isa sa kanila na nagtungo sa dakong ito, malalaman nating naroroon na si Manases, na nagsasabi, "Naku, binigyan ako ng Panginoon ng mainam na taniman ng mais." At dumating naman dito ang isang… Ang sabi ni Gad, "Buweno, sandali lang." Aniya, "Dapat sana'y magtatanim ako ng oats, pero kukuha rin ako ng mais. Alleluia." Kita n'yo? Wala kang kinalaman sa mais; kumuha ka ng oats; ang oats ang bahaging ibinigay sa iyo upang itanim. Hindi ka dapat nagpapastol ng mga tupa kapag mga baka ang dapat mong pinapastulan. Nais na ipuwesto ng Diyos ang iglesia. Ngunit bawat isa sa kanila ay pare-pareho ang gustong gawin. "Alleluia." Hindi mo naman sila masabihan ng anuman tungkol dito. Hindi, hindi. Taglay pa rin nila ang kalikasan ng kambing, "Pero, pero, pero, pero, pero, pero, pero." Kita n'yo, di mo sila masabihan. Tama. Ngayon, tama ba iyon? At hindi mo mipuwesto ang iglesia. Kita n'yo?

110 Nakatalaga dapat ang iglesia sa pag-aampon ng mga anak, kung saan ang isang tao—maaaring kunin ng Diyos ang isang tao at ampunin siya sa pamilya at bigyan siya ng isang bagay na… Una, subukan n'yo iyan at tignan n'yo kung ito ay tama. Sinabi ng Biblia na subukin ang mga espiritu. Inaangkin ng lalaking ito ang isang bagay; subukin n'yo ito at tignan kung ito ay tama. Kung tama, samahan n'yo iyon. Pagkatapos ay sasabihin n'yo, "Panginoon, magsugo Ka sa amin ng iba." Magpatuloy kayo (Kita n'yo?); magpatuloy lang kayo na nagsasabi, "Akuin ng bawat isa ang kaniyang puwesto." Kung magkagayo'y makikita n'yong magsisimula nang pumuwesto ang iglesia ng

Diyos. Diyan na uurong ang mga Filisteo. Matatanggal na ang mga shorts, ang buhok ay hahaba, ang mga mukha'y mahuhugasan; mawawala ang mga sigarilyo. Tama. Kapag nagsimulang pumasok ang iglesia sa makapangyarihang lakas nito, kung magkagayo'y kakaunti na ang mga Ananias at Safira. Opo. Makikita n'yo kapag ang banal na iglesia ay tumayo nang magkakasama sa kapangyarihan nito, mga ipinuwesto bilang mga anak ng Diyos, inampon sa pamilya ng Diyos, isa itong makapangyarihang iglesia na nakatayo sa kaniyang kaluwalhatian. O, iyan ang Kaniyang babalikan.

111 Nakikita n'yo ba kung gaano tayo kalayo, mga kapatid? Ni hindi kayo magkasundo sa Kasulatan. At sinumang tao, sinumang hindi makakita ng bautismo sa Biblia, sa Pangalan ni Jesus Cristo, kung hindi siya bulag may problema siya sa utak. At iyan ang pinagtatalunan nang malaki. 207 Tatanungin ko ang sinumang magdadala sa akin ng Kasulatan kung saan nabautismuhan ang sinuman sa iba pang paraan maliban sa Pangalan ni Jesus Cristo, sa bagong iglesia. O, kung nabautismuhan siya sa ibang paraan, kailangan niyang mabautismuhang muli sa Pangalan ni Jesus Cristo, upang makamtan niya ang Espiritu Santo. Lumapit kayo at ipakita n'yo sa akin. Walang ganiyan. Walang ganiyang utos. Nang sabihin do'n ni

Jesus, "Magsiyaon nga kayo, gawin n'yong mga alagad ang lahat ng mga bansa, na sila'y inyong bautismuhan sa Pangalan ng Ama, Anak, at Espiritu Santo." Ang Ama, Anak, o Espiritu Santo, isa man sa mga ito ay hindi pangalan. Si Pedro ay tumugon, sampung araw pagkatapos niyon, na nagsasabi, "Magsisi at magpabautismo ang bawat isa sa inyo, sa Pangalan ni Jesus Cristo sa ikapagpapatawad ng kasalanan." At ganu'n iyon sa buong Kasulatan.

112 At may ilang nabautismuhan si Juan sa ibang paraan, at iyon ay sa pagsisisi lamang. Ang sabi ni Pablo, "Kinakailangang mabautismuhan kayong muli. Kailangan ninyong lumapit muli." 209 "O, pero nabautismuhan na kami ng isang dakila't banal na lalaki, ni Juan, na siyang nagbautismo kay Jesus." 210 "Sige, ito ang ebanghelyo. Ang Espiritu ng Diyos ang nagpahayag nito sa akin. Ako ay isang apostol ng Panginoon, at kahit pa isang anghel mula sa langit ang dumating at mangaral ng iba…" 211 Hayaan n'yong basahin ko iyon. Ang sabi ng Biblia, "Kung ang isang ang…" Ang sabi ni Pablo, "Kung maghahayag ang isang anghel ng iba kaysa sa… Obispo, arsobispo, papa, overseer, maging anuman siya, kung mangangaral siya ng anuman maliban Dito sa aking naipangaral na sa inyo, siya'y masumpa." Walang… Wala tayong ganiyang ugali. Wala po. Inyo lamang… Sadyang walang ganiyan. Kumuha tayo… Kumuha tayo… At

pagkatapos (Kita n'yo?), bakit hindi iyon makita ng mga tao? Bakit ayaw iyan paniwalaan ng mga tao? [May nagsabi sa kongregasyon, "Itinalaga"—Ed.] Kita n'yo? May nakatumbok, Gene. "Itinalaga," eksakto. Bakit? "Lahat ng ibinigay sa Akin ng Ama ay (Ano?) lalapit sa Akin." Eksaktong-eksakto. "Lahat ng ibinigay sa Akin ng Ama ay magsisilapit, lalapit sa Akin." Ano'ng nangyayari sa akin, at ano pang hinahanap ko rito? Heto na tayo. Tama.

113 Hayaan n'yo lang na basahin ko ang talatang ito at pagkatapos ay sasabihin ko kung anong sinasabi ni Pablo, ang mga bagay na… Ang mensahe mismo na ipinangaral ko ngayong gabi, ganito ang sinabi ni Pablo sa predestinasyon, o bautismo sa tubig sa Pangalan ni Jesus, sa bautismo ng Espiritu Santo, ang kaayusan sa iglesia, at iba pa. Heto ang sinabi niya: Ako'y namamangha,…(Ikinahihiya ko kayo nang husto, sa ibang salita, na hinayaan n'yong may isang taong pumasok upang ilihis kayo.)… sa ibang evangelio: na ito'y hindi ibang evangelio; kundi mayroong ilan na sa inyo'y nagsiligalig, at nangaibig na hadlangan ang evangelio ni Cristo," hadlangan ang tunay ng Ebanghelyo ni Cristo.

114 Ngunit masdan n'yo. Ngayon, alalahanin na si Pablo ang nag-utos sa bawat taong hindi pa nababautismuhan sa Ngalan ni Jesus Cristo na lumapit at magpabautismong muli sa Ngalan ni Jesus Cristo. Ilan ang nakaaalam na iyan ay totoo? Sinong nakaaalam na si Pablo ang nagsabing ang mga lihim na ito ay naitago mula pa nang itatag ang sanlibutan, at inihayag sa kaniya, na tayo ay itinalagang maging mga anak, at patungo sa pag-aampon. Itinuro ito. Tignan n'yo dito ang kaniyang sinabi. Datapuwa't kahima't kami, o isang anghel na mula sa langit, ang mangaral sa inyo ng anomang evangelio na iba sa aming ipinangangaral sa inyo, ay matakuwil. 214 Huwag n'yo lang sabihin, "Hindi ako sumasang-ayon sa iyo, ginoo." Hayaan n'yo siyang matakwil. Hayaan n'yong basahin ko ang kasunod na talata. Ayon sa aming sinabi nang una, ay muling gayon ang aking sinasabi ngayon, Kung ang sinoman ay mangaral sa inyo ng anomang evangelio na iba kaysa sa inyong tinanggap na, ay matakuwil.

115 Tama. Ngayon, mga kapatid, kung ang Diyos iyon nung isang araw, at hindi sa pagwawalang-galang, na nagdala sa akin upang makita ang munting… Ngayon, natataranta ako; wari ko'y hindi naman; napapagpala lang ako sa pangangaral. Nawawala ako sa aking sarili at napapatagal ko kayo rito hanggang sa alam kong kayo'y inaantok na't napapagod. Ngunit, oh, ako'y…

Kung malalaman n'yo lang kung gaano ko kagustong makarating kayo doon. Kita n'yo? At nang ako'y, minsan ko pang sasabihin, nang ako'y… Nang sabihin Niya… Ang sabi ko, "Makaka…" Ang sabi Niya, "Nais mo bang makita kung ano ang magiging kawakasan?"

116 At lumingon ako at nakita ko ang sarili kong nakahiga sa kama. Tunay ngang matagal n'yo na akong kilala upang malamang katotohanan ang sinasabi ko sa inyo. Nais kong tanungin kayo ng isang bagay, tulad ng sinabi ni Samuel bago nila pinahiran si Saul, Nagsabi ba ako sa inyo ng anumang bagay sa Pangalan ng Panginoon maliban sa kung ano ang totoo? Tama ba? Totoo ito sa tuwina. Lumapit ba ako kailan man upang mamalimos sa inyo ng pera o anumang tulad niyon?" Hindi, hindi ko iyon ginawa kailan man. Gumawa ba ako ng anuman liban sa magsikap sa abot ng aking makakaya na kayo ay maakay kay Cristo? Tama nga. 217 Ngayon, nais nilang sabihin na ako'y isang mambabasa ng kaisipan, alam n'yo na, isang tagakilala ng mga pakiramdam. Anopa't lilitaw at lilitaw ang ganiyang mga bagay, ayon sa Biblia. Kung papaanong kinalaban nina Jambres at Janes si Moises, halos nagaya nila ang nagawa ni Moises, hanggang sa humantong ito sa isang paglalantad. Tama. Ngunit alalahanin, hindi kayang magpagaling nina Jambres at Janes. Hindi sila makapagpagaling. Magagawa nilang makapagpadala ng mga salot, ngunit hindi nila ito kayang alisin. Kita n'yo? Tama. Ngayon, ang Diyos ang Tagapagpagaling. Ang Salita ng Diyos ay nananatiling totoo.

117 Nagsikap akong maging tapat sa inyo; sinikap kong sabihin sa inyo ang Katotohanan. A—king… Sa loob ng mga tatlumpu't isang taon tumayo ako sa pulpitong ito, nang paulit-ulit, sa loob ng tatlumpu't

isang taon, at isang araw marahil ay lilisanin ko ito upang magtungo sa kaluwalhatian. May asawa, anak na babae, ama, kapatid akong nailibing diyan lang sa pagtawid, mga mahal na kaibigan. Nakita kong inilapag dito ang kanilang mga ataul at ang mga bulaklak, at batid kong isang araw ay susunod ang sa akin. Ngayon, iyan ay totoo. Ngunit buong katapatan, mula sa aking puso, sinasabi ko sa inyo nang buong puso ko, naniniwala akong naipangaral ko na sa inyo ang tunay na Ebanghelyo ng Panginoong Jesus Cristo. Naniniwala akong dapat mabautismuhan ang bawat isa sa inyo, sa Pangalan ni Jesus Cristo, at tumanggap ng Espiritu Santo. At kailan man ito mangyari sa inyo, magdudulot ito sa inyo ng kagalakan, kapayapaan, pagpapapahinuhod, kagandahang-loob, kaauman, kahinahunan, pagtitiis, pananampalataya.

118 At nung isang araw, hindi ko alam kung ano'ng nangyari sa akin. Hindi ko pa rin masabi kung ako ba ay narito sa aking katawan at nakakita lang ng

isang pangitain, o kung ako ay inalis dito, papunta roon. Hindi ko alam; hindi ko masabi. Ang alam ko lang, nangangamba ako tungkol sa pagkamatay, at sa lugar na iyon ng panusok (sting). Ngunit hindi ako natatakot na baka hindi ako kunin ni Jesus ha; hindi iyon ang kinatatakutan ko, 'pagkat hindi ako natakot do'n. Kundi pag nakita ko kayo magiging isa na lamang kayong munting ulap na palipad-lipad sa hangin… Ngunit naiintindihan ko na ngayon. Nang makita ko ang mga taong iyon, sila ay totoo.

119 Kung mayron mang isang lalaking kumatawan sa Pentecostes at isang tunay na apostol, iyon ay si F. F. Bosworth, sa malinis, tuwid, at tunay na Ebanghelyo (Kita n'yo?), iyon ay si Bosworth. At nang yakapin ko siya sa aking mga bisig, ako'y sumigaw, "Ama ko, ama ko, ang mga karuwahe ng Israel at ang mga mangangabayo niyon." 221 Ang sabi niya, "Anak, manatili ka sa pagmimisyon." Aniya, "Unahan mo ang ilan sa mga nakababatang lalaking ito sa pagmimisyon sa ibang bansa kung magagawa mo. Bago sila makapagdala ng maraming panatisismo doon, hatiran mo sila ng tunay na Ebanghelyong taglay mo." Kita n'yo? Ang sabi niya, "Hindi pa nagsisimula ang ministeryo mo sa kung ano'ng kahahantungan nito." Aniya, "Isa kang bagong Branham." Aniya pa, "Bata ka pa, anak." 222 Ang sabi ko, "Brother Bosworth, kuwarenta'y otso anyos na ako." Ang sabi niya, "Hindi ka pa nag-uumpisa." Aniya, "Huwag mong hayaang makaparoon ang mga batang mangangaral na Pentecostal na ito daladala ang maraming walang kabuluhang bagay, at manlason, at maging dahilan ng pagsalungat Dito ng mga diplomat, at ng buong bansa bago ka pa makaparoon." Aniya, "Sumulong ka, Brother Branham, magpatuloy ka sa Ebanghelyong taglay mo." Ang sabi pa niya, "Naniniwala akong isa kang apostol, o isang propeta ng Panginoong Diyos."

120 Tinignan ko siya, niyakap ko sa aking mga bisig. Ang sabi ko, "Brother Bosworth, nais kitang tanungin. Ano ang pinakamaligayang sandali ng mga taon ng iyong pangangaral?" 224 Ang sabi niya, "Ngayon mismo, Brother Branham." Ang sabi ko, "Alam mo bang mamamatay ka na?" Ang sabi niya, "Hindi ako maaaring mamatay." Ang sabi ko, "Bakit mo sinasabing ito ang pinakamaligaya mong sandali?" 225 Mayroon doong isang maliit na pintuan. Ang sabi niya, "Nakahiga ako rito na nakaharap sa pintuang iyan. Sa anumang sandali, Yaong inibig ko, at Yaong dahilan ng aking pangangaral at paninindigan sa lahat ng ito, sa aking buhay, darating Siya sa pintuang iyan para sa akin, at ako'y sasama sa

Kaniya." Tinignan ko siya, naisip ko, tila si Abraham, Isaac, o si Jacob ang nakikita ko. 226 Kinuha ko ang kaniyang kamay, ang sabi ko, "Brother Bosworth, iisang Diyos ang pinaniniwalaan natin; pareho ang ating sinasampalatayanan. Sa biyaya ng Diyos mangangaral ako hanggang sa lisanin ng aking huling hininga ang aking katawan. Mananatili akong tapat sa Diyos sa abot ng aking nalalaman. Hindi ko ipagkukumpromiso ang Ebanghelyo sa anumang panig o saan mang lugar. Mananatili akong tapat sa abot ng aking nalalaman. Brother Bosworth, magkikita tayo sa isang mas mainam na lugar kung saan ay hindi ka na tatanda kailanpaman, kundi magiging bata." Ang sabi niya, "Maparoroon ka, Brother Branham; huwag kang magalala."

121 Isa o dalawang oras bago siya mamatay, mga dalawang buwan pagkatapos no'n, akala ko mamamatay na siya no'n; binisita siya ng aking maybahay (palagi niyang iniisip ang maybahay ko), at ganu'n din si Mrs. Bosworth. At mga dalawang oras… Nakahiga siya, natutulog. Bumangon siya; lumingon, at biglang bumangon sa kaniyang higaan. Ang sabi niya, "Inay, naku, maraming taon kitang hindi nakita. Itay, Brother Jim, aba," aniya, "sandali, isa ka sa mga nailapit ko sa Panginoon sa Joliet, Illinois." Limampung taon na siyang namatay. Kita n'yo? "Oo." Ang sabi niya, "Narito si Sister Ganito-at-ganiyan. Oo, inakay kita sa Panginoon sa pagtitipon sa Winnipeg. Siya nga. Aba, narito si Sister Ganito-at-ganiyan. Hindi kita nakita nang… Siya nga, oo nga, lumapit ka sa Panginoon sa ganitoat-ganiyan." At sa loob ng dalawang oras, nakipagkamay siya sa mga naakay niya sa Panginoon, bumalik sa kaniyang lugar, at nahiga, naghalukipkip, at iyon na 'yon. Pumasok ba si Brother F. F. Bosworth sa lupaing pinahuntulot ni Jesus na masilayan ko nung isang gabi? Kung ganu'n, naroon siya bilang isang binata ngayong gabi. Pagpahingahin nawa ng Diyos ang kaniyang kaluluwa. At nawa'y makapamuhay ako nang buong katapatan upang makapasok ako sa lupaing iyon. At maging lubos nawa akong tapat na lingkod ni Cristo…

122 Nahihiya ako sa aking buhay. Nahihiya ako, ngunit ako'y… Kung nagkasala ako sa inyong harapan, dapat ay lapitan n'yo ako, para sabihin sa akin. Kita n'yo? Sinikap kong mabuhay nang matuwid sa lahat

ng ipinagagawa sa akin ng Diyos sa pamamagitan ng Kaniyang biyaya. Kita n'yo, kita n'yo? Ngunit tignan n'yo, mga kaibigan, dapat ay lapitan n'yo ako kung mayroon kayong anumang maling nalalaman sa aking buhay, sabihin n'yo sa akin. At tignan n'yo, dapat ding tumayo ako rito at ipangaral sa inyo ang tunay na Ebanghelyo. Utang ko iyon sa inyo, sapagkat inaasahan kong

makita ang mukha ng bawat isa sa inyo, mga binata't dalaga, pagtawid ng harang na iyon na isang hininga lang ang pagitan sa kinaroroonan n'yo ngayon at doon. Ngayon, tama. Naroroon iyon.

123 At ang Diyos nawa ng lahat ng biyaya, ang Diyos ng langit, hindi sa paglalapastangan, kundi buong paggalang, si “Papa,” sa araw na iharap tayo muli rito upang magtaglay tayo ng makalupang laman, upang tayo ay makainom at makakain ng mga ubas at bunga ng lupain. Magtatayo sila ng mga bahay at di titirhan ng iba. Magtatanim sila ng mga ubasan at hindi kakanin ng iba. Kita n'yo? Pag nagtanim ang isang tao ng ubasan; kukunin ito ng kaniyang anak, at pagkatapos ay kukunin naman ng kaniyang anak, at ganu'n din ng kaniyang anak. Ngunit hindi na sa pagkakataong ito; magtatanim siya at ito'y mananatili. Kita n'yo, tama. Maparoroon tayo magpakailan man. At nawa, sa lupaing iyon ay makita ko ang bawat isa sa inyo.

124 At alam kong nangungusap ako rito maging sa mga ministrong Trinitarian. At mga kapatid ko, hindi ko ito sinasabi upang makapanakit. Isa rin akong Trinitarian; naniniwala ako sa Trinidad, sa tatlong katangian ng Diyos, Ama, Anak, at Espiritu Santo, ngunit hindi tatlong Diyos. Kita n'yo? Naniniwala akong mayroong tatlong katangian, walang pasubali; naniniwala ako nang buong puso ko: Ama, Anak, at Espiritu Santo, ngunti hindi sila tatlong Diyos. Ang mga ito'y tatlong katangian lamang. O kaya'y tatlong opisina ng Diyos. Nabuhay dati ang Diyos sa Pagka-Ama, sa Pagka-Anak, at ngayon sa Espiritu Santo. Iisang Diyos ito sa tatlong opisina. At sila ay mayroong… 231 At ang Ama, Anak, at Espritu Santo, ay hindi Pangalan ng Diyos. Iisa lang ang Pangalan ng Diyos, ang Pangalan Niya ay Jesus. Ayon sa Biblia ang pamilya sa langit ay pinangalanang Jesus, at gayon din ang pamilya sa lupa. Tama. Kaya't ang Diyos ay may isang Pangalan, makataong Pangalan. Tinawag Siyang Jehovah-Jireh, Jehovah-Rapha, ang mga iyon ay mga titulo ng Kaniyang Pagkadiyos. Ngunit iisa ang Kaniyang Pangalan, Jesus. Iyon Siya. 232 At tunay nga, mga kapatid, kung di kayo sumasang-ayon sa akin, alalahanin, magkikita pa rin tayo doon. Makakasama ko kayo doon. At pagpalain nawa kayo ng Diyos. At mahal ko kayo.

125 At nais kong tandaan ng iglesia… Ngayon, sa Linggo ng umaga magpapatuloy tayo dito, at sisikapin kong huwag kayong pagtagalin ng hanggang alas dos, nang sa gayon ay makapagdaos kayo ng gawain sa hapon, hangga't maaari, at iyon ay kung ito'y magiging ganito kaanim sa pagkakaganap ko ngayong gabi, alas diyes y medya. Pinatatawad n'yo ba ako? Mga kaibigan, kaunti na lang ang oras natin, mahal ko. Tinatawag ko

kayong “mahal” sapagkat iyon nga kayo. Kayo ang aking “mga minamahal” Alam n'yo ba? Hayaan n'yong… Heto't may dumating na Kasulatan. Ang sabi ni Pablo, “Ako'y naninibugho sa inyo (Sa Kaniyang iglesia) ng panibughong ukol sa Diyos, sapagkat ipinakasal kita.” Hayan na nga; nakuha din. Iyon na nga. “Sapagkat ipinakasal kita, ipinagkasundo na kita kay Cristo tulad sa isang dalagang malinis.”

126 Ngayon, kung iyan ay totoo noon sa araw na iyon, ang sabi niya (nila, ang mga tao ang nagsabi sa akin), anila, “Lalapit sa iyo si Jesus, at ihaharap mo kami sa Kaniya, bilang isang dalagang malinis.” Hahatulan sila ng Salitang ipinangaral mo sa kanila. At tignan n'yo, kung ipinangaral ko sa inyo ang ipingaral ni Pablo sa kaniyang iglesia, pag pumasok ang grupo niya ganu'n din ang sa atin, 'pagkat iisa ang taglay natin. Amen. Magsiyuko tayo ngayon habang sinasabi natin, “Pagpalain kayo ng Diyos.” Ngayon…?

MESSAGE hub online
www.messagehub.info

Pangangaral ni
William Marrion Branham
"... sa mga araw ng tinig ..." Apocalipsis 10:7